Linggo 6-8	<p>a. Naipakikita ang kaalaman kaalaman sa kasanayang panlinggwistika at kasanayang pangkomunikatibo sa pagsusuri ng mga berbal na pahayag at mga babasahin/artikulo.</p> <p>b. Nagagamit ang Unang Wika, Filipino at Ingles sa pag-unawa sa mga kasanayang panlinggwistika at kasanayang pangkomunikatibo sa pamamagitan ng pagbabalita.</p> <p>c. Naipakikita ang kaalaman sa pananaliksik sa pagtukoy sa antas ng kasanayang linggwistika at komunikatibo ng mga Pilipino.</p>	<p>1.1.1 A</p> <p>1.6.1 C</p> <p>1.2.1 D</p>	<p>Paksa: Kasanayang Panlinggwistika at Kasanayang Pangkomunikatibo</p>	<p>a. Pakikinig/Pagbabasa at Pagsusuri</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapangkat-pangkat Pakikinig ng mga palatuntunang panradyo at pantelebisyon (hal. KMJS, dokumentaryo, balita, atbp). Pagtatala at pagsusuri ng mga salita at pahayag na may kahinaang panlinggwistika at komunikatibo. Pagsasagawa ng pangkatang pagtalakay at pagpili ng isang kinatawan para sa pagbabahaginhin at talakayan tungkol sa 	<p>a. Pagsulat ng Critique Paper Pagpapakita ng kaalaman sa pagsusuri ng mga akademikong artikulo at mga pahayag. Pagtalakay sa kaangkupan at kawastuhan ng mga kasanayang linggwistiko at kasanayang komunikatibo sa mga ginamit na materyal.</p> <p>b. Pagbabalita Nagagamit ang Unang Wika, Filipino at Ingles sa pagbuo/pagsulat ng isang balita na isinasaalang-alang ang</p>	<p>1.5.1</p> <p>1.6.1</p>

				<p>kasanayang pangkomunikatibo.</p> <p>Malayang Talakayan.</p> <p>b. Field Study Pagpili ng subject (grupo o isang tiyak na pamayanan) at pagsasagawa ng pagmamasid sa kapaligiran at pagtukoy sa kaalaman at kasanayang linggwistika at komunikatibo ng isang tiyak na pangkat.</p> <p>c. Pakikipanayam o Sarbey Pakikipanayam o pagsasarbey sa mga estudyante ng paaralan upang mailarawan ang kasanayang panlinggwistika at kasanayang komunikatibo ng mga mag-aaral. Paglalahad at Pagbabahaginhahan hinggil sa mga kalakasan at kahinaan sa kasanayang pangwika ng mga estudyante.</p>	<p>kasanayang linggwistiko at kasanayang komunikatibo.</p> <p>c. Pagbuo ng Ulat Naratibo Pagpapakita ng kaalamang pampananaliksik sa pag-alam sa antas ng kasanayang linggwistika at komunikatibo ng mga Pilipino sa pamamagitan ng pangkatang pagsasagawa ng obserbasyon, <i>social experiment</i>, pakikipanayam at iba pa. Itala ang mga natuklasan sa paraang ulat naratibo.</p> <p>Presentasyon</p>	1.2.1
Linggo 9	PANGGITNANG PAGSUSULIT					
Linggo 10-11	<p>a. Nagagamit ang Unang Wika, Filipino at Ingles sa pag-unawa sa palatunugan ng wikang Filipino at iba pang mga piling wikang lokal.</p> <p>b. Naipakikita ang kaalaman sa paggamit ng iba't ibang estratehiya na nalilintang ang kritikal at mapanuring pag-iisip sa paglalarawan sa ponolohikal na estruktura ng isang wika.</p>	<p>1.6.1 C</p> <p>1.5.1 B</p>	<p>Paksa: Ang Ponolohiya ng Wikang Filipino</p> <ol style="list-style-type: none"> Mga Batayang kaalaman sa Ponolohiya Ang Palatunugan ng Wikang Filipino at iba pang Wikang lokal 	<p>Pahapyaw na pagtalakay sa mga teorya ng ponolohiya, segmental at suprasedgmental.</p> <p>Pangkatang gawain Pakikipanayam at paglikom ng mga karaniwang salitang ginagamit ng isang partikular na pook sa isang lalawigan. Maaaring mga salitang may salik pangkabuhayan, kultural, relihiyon at politikal.</p>	<p>Leksikograpiya sa morpolohikal na baryasyon ng wikang Filipino at/o wikang lokal Pagpapakita ng kaalaman sa ponolohikal na aspeto ng isang wika sa pamamagitan ng paggamit ng Unang Wika at Filipino sa pagbuo ng hambingang leksikograpiya na nagpapakita ng mas tiyak na baryasyong ponolohikal sa mga salitang local</p>	1.6.1

				<p>Pagsusuri at paghahambing sa ponolohikal na baryasyon ng mga napiling salita sa iba't ibang pook ayon sa diin, tono, antala at hinto.</p> <p>Presentasyon ng mga baryasyong ponolohikal ng mga napiling salita sa iba't ibang pook.</p>	<p>Malikhaing Pagtatanghal/Pagtalakay</p> <p>Pagpapakita ng kaalaman sa paggamit ng iba't ibang estratehiya na nalilinigang ang kritikal at mapanuring pag-iisip sa pamamagitan ng pagpili ng natatanging pamaraan sa pag-unawa at pagtalakay sa ponolohikal na aspeto ng isang wika (hal. <i>Video tutorial, phonological assessment scheme and/or pattern</i>, atbp.) (<i>Pag-isahin ang gawain sa ponolohiya at morpolohiya</i>)</p>	1.5.1
Linggo 12-13	<p>a. Nagagamit ang Unang Wika at Filipino sa pag-unawa sa morpolohikal na baryasyon ng wikang Filipino at iba pang piling wikang lokal.</p> <p>b. Naipakikita ang kaalaman sa paggamit ng iba't ibang estratehiya na nalilinigang ang kritikal at mapanuring pag-iisip sa paglalarawan sa morpolohikal na estruktura ng isang wika.</p>	<p>1.6.1 C</p> <p>1.5.1 B</p>	<p>Paksa: Ang Morpolohiya ng Wikang Filipino</p> <ol style="list-style-type: none"> Mga Batayang Kaalaman ng Morpolohiya Ang Morpolohiya ng Filipino at iba pang Wikang lokal 	<p>Pahapyaw na pagtalakay sa mga batayang kaalaman sa morpolohiya.</p> <p>Pangkatang gawain</p> <p>Pakikipanayam at paglikom ng mga karaniwang salitang ginagamit ng isang partikular na pook ng isang lalawigan. Maaaring mga salitang gamit sa pangkabuhayan at kultural.</p> <p>Pagsusuri at paghahambing sa pagbabago at baryasyong morpolohikal ng mga napiling salita sa iba't ibang pook.</p> <p>Presentasyon ng mga baryasyon ng mga napiling salita sa iba't ibang pook.</p> <p>Malayang Talakayan.</p>	<p>Leksikograpiya sa morpolohikal na baryasyon ng wikang Filipino at/o wikang lokal</p> <p>Pagpapakita ng kaalaman sa morpolohikal na aspeto ng isang wika sa pamamagitan ng paggamit ng Unang Wika at Filipino sa pagbuo ng hambingang leksikograpiya na nagpapakita ng mas tiyak na baryasyong morpolohikal ng mga salita.</p> <p>Malikhaing Pagtatanghal/Pagtalakay</p> <p>Pagpapakita ng kaalaman sa paggamit ng iba't ibang estratehiya na nalilinigang ang kritikal at mapanuring pag-iisip sa pamamagitan ng pagpili ng natatanging pamaraan sa pag-unawa, pagtalakay at paglalarawan sa morpolohikal na aspeto ng isang wika (hal. <i>Video tutorial, phonological assessment scheme and/or pattern</i>, atbp.)</p>	<p>6.1.1</p> <p>1.7.1</p>

					(Pagpapatuloy at Pag-iisa ng gawain sa ponolohiya at morpolohiya)	
Linggo 14	<p>a. Naipakikita ang kaalaman sa sintaksis (palaugnayan) ng wikang Filipino.</p> <p>b. Naipakikita ang kaalaman sa paghahambing ng palaugnayan ng wikang Filipino sa iba pang wikang lokal.</p> <p>c. Naipakikita ang kaalaman sa paglalapat ng mga simulain sa palaugnayan ng wikang Filipino sa pagsusuri sa palaugnayan nito at iba pang wika na gamitin sa mga pangkaraniwang sitwasyon.</p>	<p>1.1.1 A</p> <p>1.1.1 A</p> <p>1.1.1 A</p>	<p>Paksa: Sintaks ng Wikang Filipino</p> <ol style="list-style-type: none"> Mga Batayang Kaalaman sa Sintaks Ang Sintaks ng Wikang Filipino at iba pang Wikang Lokal 	<p>Pangkatang gawain Pakikipanayam at paglikom ng mga karaniwang paraan ng pagpapahayag sa Filipino sa pamamagitan ng pagbuo ng isang dokumentaryo.</p> <p>Panonood at Pagsusuri Pagpapakita sa mga binuong <i>video</i> at pagsasagawa ng pagsusuri sa pamamagitan ng palitang-kuro hinggil sa pamamaraan ng pag-uugnay ng mga salita sa mga karaniwang pagpapahayag sa Filipino.</p>	<p>A-C. Pagbuo ng Compendium</p> <ul style="list-style-type: none"> Naipakikita ang kaalaman sa palaugnayan sa pamamagitan ng pagtatala at paglikom ng mga karaniwang paraan ng pag-uugnay ng mga salita sa pagpapahayag sa Filipino mula sa iba't ibang sitwasyong pangwika (e.g., telebisyon, radyo, paaralan, palengke, umpukan atb.) Pagpapakita ng kaalaman sa paghahambing ng palaugnayang Filipino sa iba pang wikang lokal (gamitin ang mga naitalang pahayag sa A). Pagpapakita ng kaalaman sa paglalapat ng mga simulain sa palaugnayan sa pamamagitan ng pagsusuri na may kasamang pagpapaliwanag hinggil sa kaligiran ng palaugnayan sa isang tiyak na sitwasyong pangwika (gamitin pa rin ang datos sa A at B). 	<p>1.1.1</p> <p>1.1.1</p> <p>1.1.1</p>
Linggo 15-17	<p>a. Naipakikita ang kaalaman sa makaagham na pag-aaral sa estruktura ng Wikang Filipino sa lebel ng ponolohiya, morpolohiya, semantiks at sintaks.</p>	1.2.1 D	<p>Paksa: Ponolohiya, Morpolohiya, Semantiks at Sintaksis</p>	<p>Pagpili ng paksa Pagtukoy sa saklaw (ponolohiya, morpolohiya, sintaksis) ng wika na nais gawan ng isang pananaliksik</p> <p>Paghahanap at pagtatala ng mga sanggunian, kaugnay na literature at pag-aaral.</p> <p>Pangangalap ng datos</p>	<p>Pagbuo ng Payak na Pag-aaral (Bigyan lamang ng format na naaayon sa lebel ng mag-aaral)</p> <p>Pagpapakita ng kaalaman sa makaagham na pagsasagawa ng pag-aaral hinggil sa estruktura ng wikang Filipino at/o wikang lokal at pagharap sa isang oral na pagsusulit upang mataya ang</p>	1.2.1

				<p>Pagsasagawa ng mga panayam, pagmamasid at obserbasyon depende sa kaligiran ng pag-aaral.</p> <p>Pag-aanalisa at Paghihinuha Pagbuo ng mga interpretasyon at pagpapakahulugan sa mga datos na nakuha at pagbuo ng mga hinuha o konklusyon.</p> <p>Presentasyon</p>	<p>katumpakan at kapaniwalaan ng pag-aaral.</p>	
Linggo 18	PANGWAKAS NA PAGSUSULIT					
Mga Sanggunian						
<p>Badayos, P.B. (2007). <i>Pagbasa at pagsulat tungo sa pananaliksik (Aklat sa Filipino 2 – antas tersyarya)</i>. Valenzuela City: Mutya Publishing House, Inc.</p> <p>Dinglasan, RD. (2007). <i>Komunikasyon sa akademikong Filipino (Filipino I)</i>. Quezon City: Rex Printing Company, Inc.</p> <p><i>Gabay sa Pag-aaral ng Istrukturang Wikang Filipino 2006</i>. Leyte: Southern Leyte State University-CTE.</p> <p>Leyson, L.P. (2007). <i>Filipino I: Komunikasyon sa akademikong Filipino</i>. Manila: ACCORD Printing Press.</p> <p>Rubin, L.T. (2006). <i>Retorika, wikang Filipino at sulating pananaliksik</i>. Quezon City: Rex Printing Company, Inc.</p> <p>Santiago, AO. (2007). <i>Makabagong Balarilang Filipino</i>. Lungsod ng Quezon; Rex Printing Co., Inc.</p>						

Institution Logo	Name of Institution	Date Last Revised
	College Name	Revision Date
	Department	Semester Adopted

Vision	Mission
College Goals	
<p>Program Outcomes (mula sa CMO No. 75, s. 2017 p. 4):</p> <ul style="list-style-type: none"> 6.3.2.a. Nagpapamalas ng mataas na antas ng kaalaman sa pagtuturo ng wika at panitikang Filipino. 6.3.2.b. Nagpapalkita ng malawak at malalim na pag-unawa at kaalaman sa ugnayan ng wika, kultura at lipunan. 6.3.2.c. Nakagagamit ng iba't ibang kasanayan at kaalaman sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto. 6.3.2.d. Nagtataglay ng kaalaman hinggil sa usapin ng kultura at linggwistikong dibersidad ng bansa. 	

Class Information		Instructor's Information	
Section		Instructor's Name	
Schedule		Office Designation	
Time		Office Hours	
Venue		Office Telephone	
Term		E-mail Address	

Course Information			
Course Name	Pagtuturo at Pagtataya ng Makrong Kasanayang Pangwika	Course Code	Fil. 105
Pre-requisite Subject		Course Credit	3 units, 3 hrs/wk. (18 weeks, 54 hrs total)
Course Requirements:			
Grading System			

Course Description	BTIs covered
Naipakikita ang kaalaman sa mga teorya, simulain, mga metodo ng pagtuturo, at mga uri/pamamaraan sa pagtataya ng mga kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, pagbabasa, pagsusulat at panood na gumagamit ng kaalaman at kakayahan sa pagdisenyo, pagpili, pag-organisa at paggamit ng iba't ibang uri ng diskors at gawain.	5.1.1 1.1.1
Course Learning Outcomes	BTIs covered
Pagkatapos ng kurso, ang mga mag-aaral ay inaasahang:	
A. naipakikita ang kaalaman sa mga teorya, simulain, mga metodo ng pagtuturo at mga uri/pamamaraan sa pagtataya ng mga makrong kasanayan;	1.1.1, 1.2.1
B. nagagamit ang Filipino sa pagtuturo at pagkatuto ng mga makrong kasanayang pangwika;	1.6.1
C. naipakikita ang kaalaman sa pagdisenyo, pagpili, pagsasaayos, at paggamit ng diagnostic, formative, at summative na pagtataya sa estratehiya na sumusunod sa pangangailangan ng kurikulum; at	5.1.1
D. naipakikita ang kaalaman ng gampanin ng datos sa pagtataya bilang pagtugon sa pagkatuto at kasanayang pampagtuturo.	5.5.1

Time Allotment	Intended Learning Outcomes (ILOs)	BTIs	Content	Suggested Teaching Learning Activities	Suggested Assessment	BTIs
Linggo 1-2	<p>a. Nakapagsaliksik kung paano natutunan at nagagamit ang wika sa maayos na pakikipagtalastasan;</p> <p>b. Napapahalagahan ang paggamit ng wikang Filipino di lamang sa sarili kundi sa paggamit ng berbal na pakikipag-interaksyon sa kapwa at sa lipunan;</p> <p>c. Nagagamit ang mga makrong kasanayang pangwika;</p>	<p>1.1.1 1.2.1 A</p> <p>1.1.1 A</p> <p>1.6.1 B</p>	<p>Paksa: Mga Pananaw na Teoretikal</p> <ol style="list-style-type: none"> Gamit ng Wika Mga Makrong Kasanayang Pangwika: <ul style="list-style-type: none"> Pakikinig Pagsasalita Pagbasa Pagsulat Panonood Mga Salik sa Matagumpay na Pagkatuto ng Wika Ang Kahalagahan ng pagtuturo ng mga makrong kasanayang pangwika 	<ul style="list-style-type: none"> Pag-uulat Mananaliksik ang mga estudyante hinggil sa iba't ibang gamit ng wika at magkakaroon ng malayang talakayan sa klase. Obserbasyon sa Isang Klasrum Magtala at magpuna ang mga estudyante kung ano ang kanilang naobserbahan sa ibang klase hinggil sa paggamit ng wika sa pagtuturo at pagkatuto ng mga makrong kasanayan Pagsasadula ng mga sitwasyong nagpapakita ng matagumpay na pagkatuto ng wika sa loob at labas ng silid-aralan 	<ul style="list-style-type: none"> Paguulat sa klase ng resulta ng kanilang pananaliksik hinggil sa iba't-ibang gamit ng wika. Pagbuo ng isang sulating-papel batay sa obserbasyon, reaksiyon at konklusyon hinggil sa pagtuturo ng wika. Pagsusulit kung saan magbabahagi ang mga mag-aaral ng mga pamamaraan sa pagtuturo ng wika na kanilang gagamitin batay sa ibibigay na sitwasyon. Halimbawa: 1. Paano mo hihikayatin ang mga mag-aaral na magbasa sa panahon kung kalian uso na ang mga <i>gadgets</i>? 2. Paano mo hihikayatin ang mga mag-aaral na nahihilig sa pakikinig ng banyagang mga awitin at palabas na maging interesado at matuto rin nga wikang Fiipino at iba pang wika sa Pilipinas? 	<p>1.2.1</p> <p>1.1.1</p> <p>1.1.1 1.6.1</p>
Linggo 3	<p>a. naipakikita ang kaalaman sa mga metodo ng pagtuturo at mga uri/pamamaraan sa pagtataya ng mga makrong kasanayan;</p> <p>b. naipakikita ang kaalaman sa mga uri ng diagnostic, formative, at summative na pagtataya sa estratehiya na sumusunod sa pangangailangan ng kurikulum; at</p>	<p>1.1.1 A</p> <p>5.1.1 C</p>	<p>Paksa: Pagtuturo at Pagtataya ng mga Makrong Kasanayang Pangwika</p> <ol style="list-style-type: none"> Rebyu ng iba't ibang metodo sa pagtuturo Rebyu ng iba't ibang uri ng pagtataya ng pagkatuto (pagsusulit, pagtatanghal, mga proyekto at iba pa) 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsasaliksik o pagbabalik-aral sa iba't ibang uri ng metodo, sa pagtuturo at pagtatalakayan sa klase kung paano magagamit ang mga ito sa pagtuturo ng mga makrong kasanayan Pagsasaliksik o pagbabalik-aral sa iba't ibang uri ng pagtataya ng 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbabahagi sa klase ng mga di-kombensyunal na paraan ng pagtuturo ng mga makrong kasanayan. Halimbawa: sa pamamagitan ng kanta, sayaw, mga laro o <i>digital applications</i> o <i>softwares</i> Portfolio ng iba't-ibang uri ng gawain na maaaring gamitin sa 	<p>1.1.1</p>

	c. naipakikita ang kaalaman ng gampanin ng datos sa pagtataya bilang pagtugon sa pagkatuto at kasanayang pampagtuturo.	5.5.1 D	<i>(layunin ng mga paksang ito na balikan ang inaasahang natutunan na ng mga mag-aaral mula sa ibang nilang kurso at magbigay ng pangkalahatang ideya sa mga makrong kasanayan bago isa-isahin ang mga ito sa kabuuan ng kurso)</i>	pagkatuto at pagbabahagi sa klase kung kailan pinakapektibong gamitin ang mga ito	klase sa pagtataya ng pagkatuto ng mga kasanayang pangwika Halimbawa: <i>Anong mga makrong kasanayan ang maaaring maipakita ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng:</i> - Pagtatanghal ng isang dula - Panonood ng isang pelikula - Pagbuo ng isang kanta	
Linggo 4	a. Nagagamit ang kaalamang natutunan sa mga kategorya, at proseso sa pakikinig sa maayos na komunikasyon; b. Nabibigyang-puna ang napakinggang balita sa telebisyon, talumpati, atbp; c. Nauunawaan ang kahalagahan ng pakikinig bilang isang makrong kasanayan.	1.1.1 A 1.1.1 A 1.1.1 A	Paksa: Ang Pagtuturo ng Pakikinig 1. Iba't Ibang Kategorya ng Pakikinig 2. Ang Mga Proseso sa Pakikinig 3. Mga Layunin sa Pagtuturo ng Pakikinig 4. Mga Dulog sa Pagtuturo ng Pakikinig	<ul style="list-style-type: none"> • Pakikinig at pagsusuri ng isang Awitin, Dayalogo, Balitang panradyo/TV, Komentaryo, Patalastas, DOH Infomercial, Kuwento, Usapan atbp • Palarong pangwika Mag-unahan sa pagbuo ng isang talata sa pamamagitan ng "cue words" • Pangkatang Pag-uulat 	<ul style="list-style-type: none"> • Makabubuo ng reaksiyon hinggil tekstong napakinggan mula sa balita, awitin, dayalogo, atbp. • Message Relay <ul style="list-style-type: none"> ➢ Magparinig ng isang usapan ➢ Pangkatin ang klase sa 4 ➢ Ipabigkas ang napiling linya sa usapan sa pamamagitan ng "message relay". • Magparinig ng isang talumpati at pagkatapos, itala ang mga mahahalagang mensahe na nabanggit dito. 	1.1.1 1.1.1 1.1.1
Linggo 5	a. Nagagamit ang wikang Filipino sa pagpapalano ng aralin sa pagkatuto ng pakikinig bilang makrong kasanayang pangwika b. Naipakikita ang kaalaman sa pagdisenyo, pagpili, pagsasaayos, at paggamit ng diagnostic, formative, at summative na pagtataya ng makrong kasanayang pakikinig na sumusunod sa pangangailangan ng kurikulum; at	1.6.1 B 5.1.1 C	Paksa: 1. Mga Patnubay/Simulain sa Pagtuturo ng Pakikinig 2. Mga Uri ng Gawain na Ginagamit sa Pagtuturo ng Makrong Kasanayang Pakikinig 3. Pagpapalano ng Isang Aralin sa Pakikinig	<ul style="list-style-type: none"> • Pananaliksik at pagbabahagi sa klase ng mga estratehiyang ginagamit sa paghahasa ng kasanayan sa pakikinig ng mga mag-aaral. Maaaring mga bidyo, laro o mga suhestiyon mula sa mga pag-aaral ng mga eksperto. • Pagsusuri ng K to 12 kurikulum sa Filipino na may tuon sa mga kasanayan sa pakikinig na dapat ituro sa bawat baiting/taon 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagdidisenyo o pagpili ng mga gawain, proyekto o estratehiya sa pagtataya ng kasanayan sa pakikinig na may kaakibat na rubriks. • Paggawa ng banghay-aralin na may pagtataya ng kasanayan sa pakikinig 	5.1.1 1.6.1 5.1.1 5.5.1

	c. Naipakikita ang kaalaman ng gampanin ng datos sa pagtataya bilang pagtugon sa pagkatuto ng makrong kasanayang pakikinig at kasanayang pampagtuturo.	5.5.1 D				
Linggo 6	a. Natatalakay ang at naipapaliwanag ang ilang batayang kaalaman sa pagsasalita b. Naipakikita ang kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino sa berbal na komunikasyon sa pamamagitan ng pagdedebate, at pagtatalumpati; c. Nagagawa ng isang kasanayan sa pagsasalita at naipapakita ito sa klase	1.1.1 A 1.1.1 A 1.1.1 A	Paksa: Ang Pagtuturo ng Pagsasalita 1. Mga Isinasaalang-alang sa Pag-aaral ng Pagsasalita 2. Mga Layunin sa Pagtuturo ng Pagsasalita 3. Mga Dulong sa Pagtuturo ng Pagsasalita	<ul style="list-style-type: none"> Balagtasang Debate Isang isyu na pag-uusapan na bigyang diin sa pagdedebate/pagbalagtasang. Pagtatalumpati (May paghahanda o walang paghahanda) 	<ul style="list-style-type: none"> Pananaliksik hinggil sa isyu ng wikang Filipino bilang kahandaan sa isang pagdedebate o pagtatalumpati sa loob ng klase. Pagsasaliksik at pagbabahagi sa klase ng iba't ibang trabaho o propesyon at ipaliwanag ang kahalagahan ng kasanayan sa pagsasalita sa mga ito. 	1.1.1 1.1.1
Linggo 7	a. Nagagamit ang wikang Filipino sa pagpapalano ng aralin sa pagkatuto ng pagsasalita bilang makrong kasanayang pangwika b. Naipakikita ang kaalaman sa pagdisenyo, pagpili, pagsasaayos, at paggamit ng diagnostic, formative, at summative na pagtataya ng makrong kasanayang pagsasalita na sumusunod sa pangangailangan ng kurikulum; at c. Naipakikita ang kaalaman ng gampanin ng datos sa pagtataya bilang pagtugon sa pagkatuto ng makrong kasanayang pagsasalita at kasanayang pampagtuturo.	1.6.1 B 5.1.1 C 5.5.1 D	Paksa: 1. Mga Patnubay/Simulain sa Pagtuturo ng Pagsasalita 2. Mga Uri ng Gawain na Ginagamit sa Pagtuturo ng Makrong Kasanayang Pagsasalita 3. Pagpapalano ng Isang Aralin sa Pagsasalita	<ul style="list-style-type: none"> Pananaliksik at pagbabahagi sa klase ng mga estratehiyang ginagamit sa paghahasa ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral. Maaaring mga bidyo, laro o mga suhestiyon mula sa mga pag-aaral ng mga eksperto. Pagsusuri ng K to 12 kurikulum sa Filipino na may tuon sa mga kasanayan sa pagsasalita na dapat ituro sa bawat baiting/taon 	<ul style="list-style-type: none"> Pagdidisenyo o pagpili ng mga gawain, proyekto o estratehiya sa pagtataya ng kasanayan sa pagsasalita na may kaakibat na rubriks. Paggawa ng banghay-aralin na may pagtataya ng kasanayan sa pagsasalita 	5.1.1 1.6.1 5.1.1 5.5.1

Linggo 8	PANGGITNANG PAGSUSULIT / MIDTERM EXAMINATION (Pasalita o Pasulat na Pagsusulit)				
Linggo 9	<p>a. Naipakikita ang kaalaman sa mga konsepto ng kasanayan sa pagbabasa</p> <p>b. Naipapakita ang kaalaman sa mga dulog at istratehiya sa pagbasa</p> <p>c. Nagpapakita ng pagpapahalaga sa pamaraang pagbabasa bilang midyum ng komunikasyon</p> <p>d. Nalilinang ang komprehensibo at mapanuring pagbasa sa tulong ng mga pagsasanay</p>	<p>1.1.1 A</p> <p>1.1.1 A</p> <p>1.1.1 A</p> <p>1.1.1 A</p>	<p>Paksa: Ang Pagtuturo ng Pagbasa</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ilang Mahahalagang Bagay na Dapat Isaalang-alang sa Panimulang Pagbasa 2. Dimensyon sa Pagbasa 3. Mga Dulog at Istratehiya sa Paglinang ng Komprehensiyon 4. Mga Layunin sa Pagtuturo ng Pagbasa 5. Mga Programa sa Pagsulat ng Kagawang ng Edukasyon 	<ul style="list-style-type: none"> • Malayang talakayan sa mga napapanahong isyu, akdang pampanitikan at iba pang babasahin. • Pagsusuri ng mga napapanahong isyu, akdang pampanitikan at iba pang babasahin. • Mga Pagsasanay: Magkakaroon ng mga pagsasanay ang klase sa pamamagitan ng iba't ibang uri ng gawain sa pagbasa. 	<ul style="list-style-type: none"> • Kalipunan ng sariling gawang mga kasanayan sa pagbasa at mga kasanayan na makukuha sa internet at bigyan nila ito ng isang pagpupuna. • Paglalapat ng mga kasanayang nasasaliksik sa internet • Pagsusumiti ng kalipunan ng mga awtput sa suring-basa. (Mananaliksik ang mga mag-aaral at pagkatapos suriin ito batay sa pamantayang ibinahagi ng guro sa klase.) <p>1.1.1</p> <p>1.1.1</p> <p>1.1.1</p>
Linggo 10-11	<p>a. Nagagamit ang wikang Filipino sa pagpapalano ng aralin sa pagkatuto ng pakikinig bilang makrong kasanayang pangwika</p> <p>b. Naipakikita ang kaalaman sa pagdisenyo, pagpili, pagsasaayos, at paggamit ng diagnostic, formative, at summative na pagtataya ng makrong kasanayang pakikinig na sumusunod sa pangangailangan ng kurikulum; at</p> <p>c. Naipakikita ang kaalaman ng gampanin ng datos sa pagtataya bilang pagtugon sa pagkatuto ng makrong kasanayang pakikinig at kasanayang pampagtuturo.</p>	<p>1.6.1 B</p> <p>5.1.1 C</p> <p>5.5.1 D</p>	<p>Paksa:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Mga Patnubay/Simulain sa Pagtuturo ng Pagbasa at Pagpapalalim ng Komprehensiyon 2. Mga Uri ng Gawain na Ginagamit sa Pagtuturo ng Makrong Kasanayang Pagbasa 3. Pagpapalano ng Mga Aralin sa Pagbasa na may tuon sa iba't-ibang antas ng kaalaman ng mag-aaral 	<ul style="list-style-type: none"> • Pananaliksik at pagbabahagi sa klase ng mga estratehiyang ginagamit sa paghahasa ng kasanayan sa pagbasa. Tukuyin kung anong mga estratehiya ang angkop sa antas ng kaalaman ng mga mag-aaral. Isaalang-alang na maaaring may mga mag-aaral sa sekundarya na di pa rin bihasa sa pagbabasa. • Pagsusuri ng K to 12 kurikulum sa Filipino na may tuon sa mga kasanayan sa pagsasalita na dapat ituro sa bawat baiting/taon 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagdidisenyo o pagpili ng mga gawain, proyekto o estratehiya sa pagtataya ng kasanayan sa pagbabasa na may kaakibat na rubriks. • Paggawa ng mga banghay-aralin na may pagtataya ng kasanayan sa pagbasa. Magdisenyo ng isa na para sa mga mag-aaral na di pa bihasa sa pagbasa at isa naman para sa mga mag-aaral na bihasa na sa pagbasa at nangangailangan ng pagpapalalim ng komprehensiyon. <p>5.1.1</p> <p>1.6.1</p> <p>5.1.1</p> <p>5.5.1</p>

Linggo 12-13	<p>a. Natatalakay at naipapaliwanag ang ilang batayang kaalaman sa pagsusulat na naaayon sa kurikulum.</p> <p>b. Napapahalagahan and opinion at Nakabubuo ng isang sulating papel na naaayon sa mga makabagong isyu sa ating lipunan</p>	<p>1.1.1 A</p> <p>1.1.1 A</p>	<p>Paksa: Ang Pagtuturo ng Pagsulat</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Mga Yugto ng Pagkatuto sa Pagsulat 2. Mga Uri ng Sulatin 3. Mga Yugto sa Prosesong Pagdulog sa Pagsulat 4. Mga Mungkahing Patnubay sa Pagtuturo ng Pagsulat 5. Mga Layunin sa Pagtuturo ng Pagsulat 6. Ang Programa ng Pagsulat sa Kurikulum 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagbabahagi sa klase ng iba't ibang uri ng sulatin • Pagsasanay para sa buong klase: Bumuo ng isang kuwento, sanaysay o/at iba pang uri ng sulatin sa pamamagitan ng pagpapasa-pasa ng isang papel kung saan ang bawat estudyante ay magsusulat lamang ng isang pangungusap o linya. Basahin sa klase ang sulatin at i-analisa ang nagging proseso sa pagsusulat • Pagbabahagi sa klase ng mga paboritong manunulat na Filipino 	<ul style="list-style-type: none"> • Bumuo ng isang sulatin tungkol sa isang napapanahong isyu. Ibahagi sa kapares o sa maliit na grupo ang unang sulatin at magbigayan ng mga suhestiyon sa pagpapabuti ng akda. Isumite ang narebisang sulatin. • Pagpapasa ng <i>Reader-Response Journal</i> • Pagbahagi ng isang paboritong akda at ipaliwanag sa klase kung paano naging epektibo ang paraan ng pagkakasulat ng akda 	<p>1.1.1</p> <p>1.1.1</p> <p>1.1.1</p>
Linggo 14	<p>a. Nagagamit ang wikang Filipino sa pagpapalano ng aralin sa pagkatuto ng pagsusulat bilang makrong kasanayang pangwika</p> <p>b. Naipakikita ang kaalaman sa pagdisenyo, pagpili, pagsasaayos, at paggamit ng diagnostic, formative, at summative na pagtataya ng kaalaman sa pagsulat na sumusunod sa pangangailangan ng kurikulum; at</p> <p>c. Naipakikita ang kaalaman ng gampanin ng datos sa pagtataya bilang pagtugon sa pagkatuto ng makrong kasanayang sa pagsusulat at kasanayang pampagtuturo.</p>	<p>1.6.1 B</p> <p>5.1.1 C</p> <p>5.5.1 D</p>	<p>Paksa:</p> <ol style="list-style-type: none"> a. Mga Patnubay/Simulain sa Pagtuturo ng Pagsulat b. Mga Uri ng Gawain na Ginagamit sa Pagtuturo ng Pagsulat c. Pagpapalano ng Mga Aralin sa Pagbasa na may tuon sa iba't-ibang antas ng kaalaman ng mag-aaralPagpapalano ng Isang Aralin sa Pagsulat d. Pagtugon sa/at Ebalwasyon ng mga Sulatin/Komposisyon 	<ul style="list-style-type: none"> • Pananaliksik at pagbabahagi sa klase ng mga estratehiyang ginagamit sa paghahasa ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Maaaring mga bidyo, laro o mga suhestiyon mula sa mga pag-aaral ng mga eksperto. • Pagsusuri ng K to 12 kurikulum sa Filipino na may tuon sa mga kasanayan sa pagsulat na dapat ituro sa bawat baiting/taon 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagdidisenyo o pagpili ng mga gawain, proyekto o estratehiya sa pagtataya ng kasanayan sa pagsulat na may kaakibat na rubriks. • Paggawa ng banghay-aralin na may pagtataya ng kasanayan sa pagsulat. 	<p>5.1.1</p> <p>1.6.1</p> <p>5.1.1</p> <p>5.5.1</p>
Linggo 15	<p>a. Nakapagpapanood ng isang pelikula o 'video clips' batay sa mga pana-panahong sitwasyon ng</p>	<p>1.1.1 A</p>	<p>Paksa: Ang Pagtuturo ng Panonood</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Uri ng Panonood 	<ul style="list-style-type: none"> • Panonood ng Piling Teleserye o Telenobela (local/banyaga)- (Avengers, Bagani, Amaya) at pag- 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsusuri sa isang napanood na teleserye o telenobela batay sa 	<p>1.1.1</p>

	lipunan at pagkatapos mabigyan ng puna b. Nakapagsusuri ng isang panoorin gamit ang pamantayan na inihanda ng guro.	1.1.1 A	2. Positibo at Negatibong Epekto ng Panonood ng Pelikula at iba pang panuorin 3. Pamantayan ng <i>Manunuri ng Pelikulang Pilipino</i> (MPP) sa Panunuring Pampelikula 4. Mga Layunin sa Pagtuturo ng Panonood	aanalisa ng mga makukuhang aral at kasanayan • Malayang Talakayan Pag-usapan sa klase ang mga uri ng panuorin na kinahihiligan ng mga mag-aaral. Suriin kung paano nakakatulong o nakakabalakid sa pag-aaral ng mga makrong kasanayan ang mga ito.	pamantayan ng panunuring pampelikula. • Pagbabahagi ng mga pag-aaral na nagpapakita kung paano nagagamit ang makrong kasanayang pangwika na panonood sa iba't ibang propesyon	1.1.1 1.1.1
Linggo 16	a. Nagagamit ang wikang Filipino sa pagpapalano ng aralin sa pagkatuto ng pagsusulat bilang makrong kasanayang pangwika b. Naipakikita ang kaalaman sa pagdisenyo, pagpili, pagsasaayos, at paggamit ng diagnostic, formative, at summative na pagtataya ng kaalaman sa pagsulat na sumusunod sa pangangailangan ng kurikulum; at c. Naipakikita ang kaalaman ng gampanin ng datos sa pagtataya bilang pagtugon sa pagkatuto ng makrong kasanayang sa pagsusulat at kasanayang pampagtuturo.	1.6.1 B 5.1.1 C 5.5.1 D	Paksa: 1. Mga Patnubay/Simulain sa Pagtuturo ng Makrong Kasanayang Panonood 2. Mga Uri ng Gawain na Ginagamit sa Pagtuturo ng Makrong Kasanayang Panonood 3. Pagpapalano ng Mga Aralin sa Pagnonood	• Pananaliksik at pagbabahagi sa klase ng mga estratehiyang ginagamit sa paghahasa ng kasanayan sa panonood ng mga mag-aaral. Maaaring mga bidyo, laro o mga suhestiyon mula sa mga pag-aaral ng mga eksperto. • Pagsusuri ng K to 12 kurikulum sa Filipino na may tuon sa mga kasanayan sa panonood na dapat ituro sa bawat baiting/taon	• Pagdidisenyo o pagpili ng mga gawain, proyekto o estratehiya sa pagtataya ng kasanayan sa panonood na may kaakibat na rubriks. • Paggawa ng banghay-aralin na may pagtataya ng kasanayan sa panonood	5.1.1 1.6.1 5.1.1 5.5.1
Linggo 17	Naipakikita sa pamamagitan ng <i>micoteaching</i> ang mga kasanayan sa: a. paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo at pagkatuto ng mga makrong kasanayang pangwika b. pagdisenyo, pagpili, pagsasaayos, at paggamit ng diagnostic, formative, at summative na pagtataya ng mga makrong kasanayang pangwika	1.1.1 1.6.1 5.1.1 5.5.1 A,B, C,D	Paksa Pagpapakitang-turo ng Aralin na Tumatalakay sa Makrong Kasanayang Pangwika	• Paghandaan ang pagpapakitang-turo sa pamamagitan ng pagpili ng makrong kasanayan na nais bigyang pansin (maaaring higit sa isa sa loob ng isang aralin)	• Pagpapakitang-turo	1.1.1 1.6.1 5.1.1 5.5.1 A,B, C,D

	na sumusunod sa pangangailangan ng kurikulum c. pagtataya bilang pagtugon sa pagkatuto ng makrong kasanayang sa pagsusulat at kasanayang pampagtuturo					
Linggo 18	PANGWAKAS NA PAGSUSULIT					
Mga Sanggunian						
<p>Aguilar, R.L. et al. (2011). <i>Sining ng komunikasyon</i> (Akademikong filipino). Metro Manila: Grandbooks Publishing, Inc.</p> <p>Aguilar, R.L. et al. (2002). <i>Sining ng komunikasyon</i> (Gawaing-aklat sa Filipino 1). Makati City: Grandwater Publication and Research Corporation.</p> <p>Arnilla, A.K.A. (2013). <i>Komunikasyon sa akademikong filipino</i>. Quezon City: Wiseman's Book Trading, Inc.</p> <p>Arrogante, J.A. et al. (2012). <i>UGNAYAN: Komunikasyon sa akademikong filipino</i>. Mandaluyong City: National Book Store.</p> <p>Arrogante, J.A. et al. (2007). <i>Sining ng komunikasyon sa akademikong filipino</i>. Mandaluyong City: National Book Store.</p> <p>Badayos, P.B. (2012). <i>Metodolohiya sa pagtuturo ng wika</i> (Mga teorya, simulain at istrategyag): Metro Manila: Granbooks Publishing, Inc.</p> <p>Bernales, R.A. et al. (2012). <i>Komunikasyon sa akademikong filipino</i> (Batayan at sanayang-aklat sa Filipino 1, antas tersyarya). Malabon City: Mutya Publishing House, Inc.</p>						

Institution Logo	Name of Institution	Date Last Revised
	College Name	Revision Date
	Department	Semester Adopted

Vision	Mission
---------------	----------------

College Goals

<p>Program Outcomes (mula sa CMO No. 75, s. 2017 p. 4):</p> <p>6.3.2.a. Nagpapamalas ng malawak at malalim na pag-unawa at kaalaman sa ugnayan ng wika, kultura at lipunan.</p> <p>6.3.2.d. Nagtataglay ng kaalaman hinggil sa usapin ng kultural at linggwistikong dibersidad ng bansa.</p> <p>6.3.2.e. Nakapagdidisenyo ng malikhain, inobatibo at integratibong mga alternatibong dulog sa pagtuturo at pagkatuto.</p> <p>6.3.2.f. Nakagagawa ng pananaliksik ukol sa ikauunlad ng Wikang Filipino bilang Wikang Pambansa.</p>
--

Class Information		Instructor's Information	
Section		Instructor's Name	
Schedule		Office Designation	
Time		Office Hours	
Venue		Office Telephone	
Term		E-mail Address	

Course Information

Course Name	Ugnayan ng Wika, Kultura at Lipunan	Course Code	Fil.106
Pre-requisite Subject		Course Credit	3 units, 3 hrs/wk (18 weeks, 54 hrs total)
Course Requirements			
Grading System			

<p>Course Description</p> <p>Ang kursong ito ay sumasaklaw sa kabatiran sa kahalagahan ng ugnayan ng wika, kultura at lipunan na nagpapalakas at nagpapatibay sa pagka-Pilipino sa pamamagitan ng pagpapakita ng kaalaman sa mga gawaing pampananaliksik. Nakapaloob din sa kurso ang pagpapakita ng pag-unawa sa kaligirang pampagkatuto na tumutugon sa kontekstong panlipunan sa pag-aaral ng mga isyung pangwika, kultura at lipunan at paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo na nalilining ang kritikal at malikhaing pag-iisip para sa makabuluhang pagtuturo at pagkatuto.</p>	<p>BTIs covered</p> <p>1.2.1</p> <p>6.1.1</p> <p>1.5.1</p>
<p>Course Learning Outcomes</p> <p>Pagkatapos ng kurso, ang mga mag-aaral ay inaasahang:</p> <p>A. Naipakikita ang kaalaman sa batayang nilalaman ng wika, kultura at lipunan;</p> <p>B. Naipakikita ang kaalaman sa mga gawaing pampananaliksik sa pag-unawa ng ugnayan ng wika, kultura at lipunan;</p> <p>C. Naipakikita ang kaalaman sa pag-unawa sa kaligirang pampagkatuto na tumutugon sa kontestong panlipunan sa pag-aaral ng mga isyung pangwika, kultura at lipunan; at</p> <p>D. Nagagamit ang iba't ibang estratehiya sa pagtuturo na nalilining ang kritikal at malikhaing pag-iisip sa makabuluhang pagtuturo at pagkatuto sa ugnayan ng wika, kultura at lipunan.</p>	<p>BTIs covered</p> <p>1.1.1</p> <p>1.2.1</p> <p>6.1.1</p> <p>1.5.1</p>

Time Allotment	Intended Learning Outcomes (ILOs)	BTIs	Content	Suggested Teaching Learning Activities	Suggested Assessment	BTIs
Linggo 1-2	<p>a. Naipakikita ang kaalaman sa nilalaman sa mga batayang nilamaman ng katangian ng wika;</p> <p>b. Naipakikita ang kaalaman sa pananaliksik sa pagtukoy sa epekto ng kolonyalisasyon sa pag-unlad at pagbabago ng wika;</p> <p>c. Naipakikita ang pag-unawa sa kaalaman sa kaligirang pampagkatuto sa tekstong panlipunan sa pagsusuri sa tatlong dimensiyon ng wika (dayalek, sosyolek at idyolek).</p>	<p>1.1.1</p> <p>1.2.1</p> <p>6.1.1</p> <p>A, B, C</p>	<p>Paksa: Ang Wika: Katuturan, Katangian; Kolonyalisasyon at Wika, at Ang Tatlong Dimensiyon ng Wika</p>	<p>Pagsusuri at Pagbuo ng Sintesis Pagbasa ng iba't ibang pagpapakahulugan sa wika at pagbibigay ng kaniya-kaniyang palagay hinggil sa mga katangian nito.</p> <p>Malayang talakayan at pagbuo ng sintesis.</p> <p>Paggawa ng <i>HistoSearch</i> Pangangalap ng mga impormasyon hinggil sa naging simula ng pag-unlad ng wika at pagtukoy sa mga naging epekto ng kolonisasyon sa pagbabago ng wika. Pagbuo ng <i>powerpoint presentation</i> at pagtatanghal sa mga ito sa klase.</p> <p>Pakikipanayam Pag-interbyu ng mga estudyante sa iba't ibang grupo, kasarian at oryentasyon upang maipakita ang pagkakaiba-iba ng wika at pagtukoy sa karaniwang anyo ng pagkakaiba-iba nito.</p>	<p>Poster mo, I-post mo! Pagpapakita ng kaalaman sa batayang nilalaman ng katangian ng wika sa pamamagitan ng paggawa ng poster na naglalarawan ng iba't ibang katangian ng wika. I-post ang nasabing poster sa sariling facebook wall at lagyan ito ng <i>caption</i> na nagpapaliwanag hinggil sa nilalaman/mensahe ng poster</p> <p>Pagsulat ng Rebyu Pagpapakita ng kaalaman sa pananaliksik sa pamamagitan ng pagsulat ng rebyu (gumamit ng dokumentasyon) mula sa iba't ibang literatura at pag-aaral hinggil sa epekto ng kolonyalisasyon sa pag-unlad at pagbabago ng wika.</p> <p>Hambingang Dayagram Pagpapakita ng kaalaman sa kaligirang pampagkatuto sa tekstong panlipunan sa pamamagitan ng pagbuo ng hambingang na nagpapakita ng mga pangunahing konsepto, katangian at gamit sa tatlong dimensiyon ng wika.</p>	<p>1.1.1</p> <p>1.2.1</p> <p>6.1.1</p>
Linggo 3-4	<p>a. Naipakikita ang kaalaman sa batayang nilalaman sa pag-aaral ng Wikang Filipino (Pambansa, Opisyal, Panturo, Unang Wika, Ikalawang Wika at Lingua Franca);</p>	<p>1.1.1</p>	<p>Paksa: Wikang Filipino bilang Wikang Pambansa, Opisyal, Panturo, Una at Ikalawang Wika; Kasaysayan ng Wikang Filipino; Mga Varayti ng Filipino</p>	<p>Panonood, Pagmamasid at Pagsusuri Panonood ng mga <i>video</i> at o pagmamasid sa paligid hinggil sa mga sitwasyong Pangwika na nagagamit ang wikang Filipino. Pagsusuri sa kaligiran ng pag-uusap at pagtukoy kung kailan</p>	<p>Pagsulat ng Ulat Naratibo Pagpapakita ng kaalaman sa batayang konsepto ng wikang Filipino sa pamamagitan ng pagsulat ng ulat naratibo mula sa interbyu sa mga propesyunal hinggil sa paggamit nila ng Filipino at Ingles. Tukuyin kung sa anong</p>	<p>1.1.1</p>

	<p>b. Naipakikita ang kaalaman sa pananaliksik sa pagtukoy sa kasaysayan ng Wikang Filipino:</p> <p>c. Natutukoy ang kasaysayan ng Wikang Filipino Bilang wikang pambansa, panturo, opisyal.</p> <p>d. Nasusuri ang kasalukuyang estado ng wikang Filipino sa pakikipagdiskurso, mga varayti nito, at ang relasyon ng mga wika sa Pilipinas sa wikang Filipino.</p>	<p>1.2.1 A, B</p>		<p>nagagamit ang Filipino bilang wikang opisyal, wikang panturo, <i>lingua franca</i> at bilang Wikang Pambansa at ano ang lugar nito sa tao bilang Una at Pangalawang wika.</p> <p>Malayang talakayan at paglalagom.</p> <p>Pagsasagawa ng <i>Historical Exhibit</i> Pagtatanghal ng mga mahahalagang pangyayari sa kasaysayan ng wikang Filipino sa iba't ibang tiyak na panahon sa paraang <i>exhibit</i> (ayusin ng pakronolohikal). Bawat mag-aaral (maaaring pangkatan) ay italaga para mangalap ng impormasyon sa isang tiyak na panahon na siya ring nakatuka para ipaliwanag sa mga dadalo ng <i>exhibit</i> ang detalye nito.</p> <p>Panonood ng balita, dokumentaryo at mga panayam. Pagtukoy sa iba't ibang isyung kinakaharap ng wikang Filipino at ang kasalukuyang estado nito sa kasalukuyan (paaralan, pamahalaan, lipunan, atbp.) at ang kasalukuyang anyo ng Filipino sa ika-21 siglo.</p> <p>Pagsasagawa ng debate Pagdedebate hinggil sa estado ng wikang Filipino at mga tiyak na kahalagahan ng pagpapalaganap nito.</p> <p>Pagbubuod</p>	<p>mga sitwasyon (Pambansa, Opisyal, Panturo) nagagamit ang Filipino at Ingles.</p> <p>Pagbuo ng Matrix at/o Balangkas Pagpapakita ng kaalaman sa pananaliksik sa pamamagitan ng pagbuo ng <i>matrix</i> o balangkas hinggil sa kasaysayan ng wikang Filipino bilang wikang Pambansa, Opisyal at Panturo.</p> <p>Pagsusuring Papel: Wika-lipunan Pagpapakita ng kaalaman sa pananaliksik sa pagsulat ng Pagsusuring papel sa pamamagitan ng pagsusuri sa iba't ibang sitwasyon (hal. palengke, parke, paaralan, pamahalaan, <i>media</i> at <i>social media</i>) upang matukoy ang kasalukuyang estado ng Filipino sa lipunan.</p>	<p>1.2.1</p> <p>1.2.1</p>
--	---	-------------------------------------	--	--	--	---

Linggo 5-6	<p>a. Naipakikita ang kaalaman sa pag-unawa sa mga batayang nilalaman ng kultura;</p> <p>b. Naipaliliwanag ang katuturan, katangian, komponents at saklaw (<i>material and non-material</i>) ng kultura.</p> <p>c. Naipakikita ang kaalaman sa pananaliksik sa pagsusuri sa mga sa mga salik na nakaaapekto sa paglinang at pagbabago ng kultura.</p>	<p>1.1.1</p> <p>1.2.1</p> <p>A, B</p>	<p>Paksa: Ang Kultura: Katuturan, Katangian, Komponents at Saklaw at Mga Salik na Nakaaapekto sa Debelopment at Pagbabago ng Kultura.</p>	<p>Pagmamasiid sa Lipunan Pagpunta sa isang tiyak na lugar at pagmamasiid sa mga karaniwang gawi, pananamit, pananalita at pag-uugali (atbp) ng mga tao. Paglalarawan sa mga ito at pagpapaliwanag sa kaugnayan at epekto nito sa kanilang pamumuhay.</p> <p>Pakikipanayam sa mga matatanda hinggil sa mga posibleng dahilan at paliwanag kung bakit gayon ang uri ng kanilang pamumuhay. Saan ito nanggaling at paano ito napanitili ng kanilang pangkat.</p> <p>Komparatibong Analisis Pag-unawa sa kultura ng dalawang magkaibang lugar at pagsusuri sa mga mga kulturang nagbago mula sa dalawang tiyak na pangkat. Pagtatala sa mga nagbagong kultura at paglalarawan sa kung papaano ito nagbago. Pagsusuring muli sa mga salik o mga posibleng dahilan ng pagbabago ng kultura ng isang tiyak na pangkat.</p> <p>Pagtukoy sa mga katutubo at makabagong kultura ng mga Pilipino. Paggawa ng <i>powerpoint</i> at pagtatanghal nito klase.</p>	<p>Pagsulat ng <i>blog</i> Pagpapakita ng kaalaman sa batayang nilalaman ng kultura sa pamamagitan ng pagsulat ng blog na naipaliliwanag ang katuturan, komponents at mga saklaw ng kultura.</p> <p>Paghihinuha at Paglilista Pagpapakita ng kaalaman sa pananaliksik sa pagsusuri ng iba't ibang literatura, pag-aaral, dokumentaryo, balita atbp tungkol sa mga debelopment at pagbabago ng wika. Nakabubuo ng mga dahilan (5-10) at/o natutukoy ang mga salik na nakaaapekto sa debelopment at pagbabago ng kultura.</p>	<p>1.1.1</p> <p>1.2.1</p>
Linggo 7-8	<p>a. Naipakikita ang kaalaman sa pag-unawa sa mga batayang nilalaman ng lipunan;</p>	<p>1.1.1</p>	<p>Paksa: Ang Lipunan: Kahulugan, Katangian, Saklaw, komposisyon at Kahalagahan</p>	<p>Pagmamasiid at Pagtatanghal Pagsasagawa ng panayam sa mga mag-aaral mula sa iba't ibang kurso: Gabay na tanong ang nilalaman gaya ng katangian,</p>	<p>Pagsulat ng Sanaysay Pagpapakita ng kaalaman sa mga batayang nilalaman ng lipunan sa pamamagitan ng pagsulat ng sanaysay na impormatibo.</p>	<p>1.1.1</p>

	<p>b. Naipaliliwanag ang kahulugan, katangian, saklaw at kahalagahan ng lipunan.</p> <p>c. Naipakikita ang kaalaman sa pag-unawa sa konteksto ng lipunang Pilipino (society in the Philippines).</p>	<p>6.1.1</p> <p>A, C</p>		<p>saklaw at kahalagahan ng lipunan. Maaari ring magtanong upang mapalitaw ang iba't ibang ideya at perspektibo tungkol sa lipunan.</p> <ul style="list-style-type: none"> Ano ang gampanin ng pag-aaral ng lipunan sa pagpapaunlad ng panlipunang kamalayan at pagsulong ng panlipunang pagbabago sa konteksto ng lipunang Pilipino? <p>Pagsulat ng Sintesis Sumulat ng sintesis hinggil sa ginawang pakikipanayam at gawan ito ng powerpoint presentation para sa pagtatanghal.</p> <p>Malayang talakayan</p>	<p>Pagbuo ng dokumentaryo Pagpapakita ng kaalaman sa pag-unawa ng konteksto ng lipunang Pilipino sa pamamagitan ng pagbuo ng isang dokumentaryo na naglalarawan sa komposisyon at uri ng lipunang Pilipino.</p>	<p>6.1.1</p>
<p>Linggo 9</p>	<p>PANGGITNANG PAGSUSULIT / MIDTERM EXAMINATION</p>					
<p>Linggo 10-12</p>	<p>a. Naipakikita ang kaalaman sa pananaliksik sa ugnayan ng wika at kultura: wika at pamumuhay, wika at paniniwala, wika at ideolohiya atbp.</p> <p>b. Nagagamit ang iba't ibang estratehiya sa pagtuturo na nalilinaang ang kritikal at malikhaing pag-iisip sa diversidad, ugnayan at pagkakaisa ng wika at kultura.</p> <p>c. Naipakikita ang pag-unawa sa kaalaman sa konteksto ng kulturang Pilipino sa pagsusuri sa ugnayang wika at kultura.</p>	<p>1.2.1</p> <p>1.5.1</p> <p>6.1.1</p> <p>B, C, D</p>	<p>Paksa: Ugnayan ng Wika at Kultura, Wika at Pamumuhay, Wika at Paniniwala, Wika at Ideolohiya atbp.</p>	<p>Pagbuo ng Talasalitaang Kultural Pananaliksik tungkol sa isang <i>domain</i> ng kultura (hal. Pagkain, pananamit, pamumuhay, paniniwala at atbp.) at pagtitipon ng mga salita kaugnay dito upang makapagbigay ng ideya o palagay hinggil sa ugnayang wika at kultura.</p> <p>Pair teaching Pagpapalitan ng ideya gamit ang iba't ibang paraan (hal. <i>Poster analysis</i>) na hahamon sa kritikal na pag-iisip ng ka-dyad hinggil sa pag-unawa sa diversidad, ugnayan at pagkakaisa ng wika at kultura.</p> <p>Pagsusuring Kultural-Linggwistik</p>	<p>Pagbuo ng leksikograpiyang kultural Pagpapakita ng kaalaman sa pananaliksik sa pamamagitan ng pagbuo ng leksikograpiyang kultural na nagpapakita ng mga iba't ibang salita at ang kaugnayan ng mga ito sa kultura o ang paghahalaw ng mga salita sa kultura.</p> <p>Pangkatang Simulated Teaching Paggamit ng iba't ibang estratehiya na nalilinaang ang kritikal at malikhaing pag-iisip sa pamamagitan ng pangkatang pagtuturo sa diversidad, ugnayan at pagkakaisa ng wika at kultura.</p> <p>Pagsusuring Pampelikula</p>	<p>1.2.1</p> <p>1.5.1</p>

				<p>Pagsusuri sa mga talasalitaang kultural (unang gawain). Paano nauugnay ang mga terminong ito sa kultura batay sa kontekstong Pilipino. Paano ito naiiba sa iba pang kultura at pagpapakita ng pagkakaiba-iba ng salitang kultural sa iisang domain ng kultura.</p> <p>Pagtatanghal at Malayang talakayan</p>	<p>Pagpapakita ng pag-unawa sa konteksto ng kulturang Pilipino sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga pelikulang Pilipino na kakikitaan ng mga iba't ibang kulturang Pilipino (hal. Tanging Yaman, Seven Sundays, Mga Indie Film atbp.). Pagsulat ng isang Rebyu hinggil sa mga epekto ng kultura sa wika at wika sa kultura.</p>	6.1.1
Linggo 13-14	<p>a. Naipakikita ang kaalaman sa pag-unawa sa mga batayang nilalaman ng ugnayan ng Wika at lipunan:</p> <p>b. Naipaliliwanag ang ugnayang wika at kasarian at seksuwalidad, wika at panlipunang katarungan, wika at kolonyalismo, wika at politika atbp.</p> <p>c. Naipakikita ang pag-unawa sa konteksto ng lipunang Pilipino sa pagsusuri ng mga akda hinggil sa ugnayang wika at lipunan.</p>	<p>1.1.1</p> <p>6.1.1</p> <p>A, C, D</p>	<p>Paksa: Ugnayan ng Wika at Kasarian at Seksuwalidad, Wika at Panlipunang Katarungan, Wika at Kolonyalismo, Wika at Politika</p>	<p>Pangkatang Gawain Pangkatang pagtalakay sa ugnayan ng wika at lipunan sa mga tiyak na saklaw sa pamamagitan ng pagsusuri sa kontekstong panlipunang Pilipino sa iba't ibang sitwasyong panlipunan at/o mga akda (pampanitikan, akademik at journalistik). Bawat pangkat ay nakatuka sa isang tiyak na saklaw (e.g., wika at kasarian at seksuwalidad, wika at panlipunang katarungan, wika at kolonyalisasyon, wika at politika).</p> <p>R³ (Read-React-Reenact) Gawaing <i>triad</i>. Isang tagabasa, taga-react at tagapagbigay ng aktuwal na halimbawa/sitwasyon: Pananaliksik at pagbasa ng iba't ibang akda na nagpapakita ng ugnayang wika at lipunan. Bawat triad ay magbabahaginhinhan ng kani-kanilang hinuha.</p> <p>Malayang talakayan. Pagbuuod at Pagsulat ng sintesis</p>	<p>Pagsulat ng Repleksiyong Papel Naipakikita ang kaalaman sa nilalaman ng ugnayang wika at lipunan sa pamamagitan ng pagsulat ng repleksiyong papel mula sa pagbasa (mga akda), panonood (video at/o pelikula) at pagmamasid sa kapaligiran na naipaliliwanag ang ugnayang wika at kasarian at seksuwalidad, wika at panlipunang katarungan, wika at kolonyalismo, wika at politika atbp.</p> <p>Pagsusuri at Pagpili Naipakikita ang pag-unawa sa konteksto ng lipunang Pilipino sa pagsusuri at pagpili ng mga akda o pelikulang Pilipino na nagpapakita ng ugnayang wika at lipunan ayon sa konteksto ng lipunang Pilipino. Pagpili ng 3 materyal (maaaring akda o pelikula).</p>	<p>1.1.1</p> <p>6.1.1</p>
Linggo 10-12	<p>a. Naipakikita ang kaalamang pampananaliksik sa mga datos</p> <p>b. Naipakikita ang kaalaman sa paggamit ng ICT sa instrumentong gagamitin at paghahanap ng mga impormasyon sa gagamiting instrument</p> <p>c. Nagagamit ang Unang Wika, Filipino at Ingles sa Pangangalap Ng Datos</p>	<p>1.2.1</p> <p>1.3.1</p> <p>1.6.1</p> <p>A,B,C,D</p>	<p>Paksa: Pangangalap ng Datos</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Paghahanda ng mga instrumentong gagamitin sa pangangalap nga datos, liham pahintulot para sa pagsasagawa ng pag-aaral • Ipapaapruba sa guro ang mga nabuong instrument • Pag naaprubahan na ang mga talatanungan ay maaari nang magsimulang mangalap ng datos • Pangangalap ng datos/interview/onbeserbasyon sarvey questionnaire 	<p>1.2.1</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pangongolekta ng datos, pagtatally/pagsasaayos sa mga nakolektang datos • Ikikritik ng guro ang mga nakolektang datos • Isasaayos ng pangkat o indibidwal para sa paghahanda ng pagsusuri
Linggo 13-15	<p>a. Nakagagamit ng mga pamamaraan na nalilinaang ang kritikal at malikhaing pag-iisip sa paglalahad ng mga datos</p> <p>b. Naipakikita ang kasanayan sa paggamit ng ICT sa paglalahad ng presentasyon sa tabular o grapikal at tektuwan na pamamaraan ng presentasyon</p> <p>c. Naipamamalas ang kaalaaman sa pagtuturo ng literacy at numeracy sa pagsusuri, paglalahad at pagpapakahulugan ng mga datos</p> <p>d. Naipamamalas ang kaalaman sa mga pamaraan/ teknik sa paglalahad ng resulta at diskusyon sa natuklasang pananaliksik</p>	<p>1.1.1</p> <p>1.3.1</p> <p>1.2.1</p> <p>1.2.1</p> <p>A,B,C,D</p>	<p>Paksa: Kabanata3-4</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Paglalahad, Pagsusuri, at Pagpapakahulugan ng mga Datos 2. Buod ng mga Kinalabasan 3. Konklusyon 4. Mga Tagubilin o Rekomensyon 	<p><u>Indibidwal/Pangkatang Gawain</u></p> <ul style="list-style-type: none"> • Pangkatang/Indibidwal na gawain • Pagpapagawa ng presentasyon sa mga nakasalap na datos sa pamamaraang grapikal, tabular, tekstuwal • Ipapalahad ang buod konklusyon at rekomendasyon sa isinagawang pananaliksik 	<p><u>Pangkatang Presentasyon</u></p> <ul style="list-style-type: none"> • Ipapalahad ang resulta, buod, konklusyon at rekomdasyon ng isinagawang pag-aaral • Ikikritik ng guro at kapwa mag-aaral • Gagamit ng rubriks sa pagmamarka <p>1.1.1</p> <p>1.2.1</p>

Linggo 16	<ol style="list-style-type: none"> 1. Naipamamalas ang kasanayan sa ICT sa akademikong pagsulat 2. Naipakikita ang pamamaraan na nalilinang ang kritikal at malikhaing pagsulat ng abstrak at iba pang sulatin 	<p>1.3.1</p> <p>1.1.1 1.2.1</p> <p>A,B,C,D</p>	<p>Paksa: <i>Kasanayan sa Akademikong Pagsulat</i></p> <ul style="list-style-type: none"> • <i>Pagsulat ng Pinal na papel</i> 	<p><u>Malayang Talakayan</u> APA Format (reference: APA 6th ed) www.apa.org</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagsasaayos ng datos • Pagtalakay sa Panghuling Bahagi ng Pananaliksik • Talaan ng Sangunian • Apendises • Resume • Pagsult ng Abstrak 	<ul style="list-style-type: none"> • Bawat Pangkat/Indibidwal ay magsusumiti ng kani-kanilang awput/pananaliksik upang ikritik ng guro • Maghahanda para sa itinakdang pag depensa 	<p>1..3.1</p> <p>1.1.1 1.2.1</p>
Linggo 17-18	<ol style="list-style-type: none"> 1. Naipakikita ang kasanayan sa paggamit ng ICT sa presentsyon ng pananaliksik 2. Naipamamalas ang kaalaman sa pananaliksik na nalilinang ang kritikal at malikhaing pag-iisip sa pag depensa ng papel-pananaliksik 	<p>1.3.1</p> <p>1.1.1 1.2.1</p> <p>A,B,C,D</p>	<p>Paksa: <i>Presentasyon ng Awtput sa isinagawang pananaliksik</i></p>	<p><u>Round Table/Panel Discussion</u></p> <ul style="list-style-type: none"> • Lahat ng pangkat/indibidwal ay maghahanda para sa pag depensa ng kanilang pananaliksik • Lahat ay nakasuot ng desenting kasuotan • Mag-iimbeta ng mga eksperto/guro para maging miyembro sa pag depensa • Ibabahagi ng bawat pagkat ang kanilang pananaliksik 	<ul style="list-style-type: none"> • Gagamit ng ICT sa Paglalahad ng kanilad papel-pananaliksik • Idedepensa ng mga mag-aaral ang mga katanungan sa isinagawang pag-aaral • Gagamit ng rubric sa pagmamarka sa bawat pangkat sa kanilang isinagawang papel-pananaliksik 	<p>1.3.1</p> <p>1.1.1 1.2.1</p>

Mga Sanggunian

Arnilla, A.K. (2015). *Gabay sa pagbasa, pagsulat at pananaliksik sa Filipino*. Quezon City: Wiseman's Books Trading, Inc.

Alcaraz, C., Austria R., Basildes, G., De la Cruz, R., Hilario, I., Lacuesta, J., Treyes, A., Pamplina. (2016). *Komunikasyon at pananaliksik para sa senior high school*. Quezon City: Educational Resources Corporation.

Bernales, R. et. al., (2006). *Kritikal na pagbasa at lohikal na pagsulat tungo sa pananaliksik*. Valenzuela City: Mutya Publishing House, Inc.

Barona , A.J. (2016). *Komunikasyon at pananaliksik sa wika at kulturang Filipino*. Manila: JFS Publishing Services.

Dulay, M. (2017). *Ang iba't ibang estratehiya*. Retrieved from <https://www.scribd.com/presentation/341805892/Ang-Iba-t-Ibang-Estratehiya>

Dotimas, S., Espique, F., Lartec, J., Ramos, E. & Tanawan, D. (n.d). *Introduksyong modyular sa pananaliksik*. Mandaluyong City: Anvil Publishing.

- Decastro, I. et.al. (2010). *Kritikal na Pagbasa at Akademikong Pagsulat Tungo sa Pananaliksik*. Manila: University of Santo Tomas Publishing House.
- Evasco, et.al. (2011). *Saliksik Gabay sa Pananaliksik sa agham panlipunan, panitikan at sining*. Quezon City: C & E Publising, Inc.
- Galang, T., et. al., (2007). *Pagbasa at pagsulat tungo sa pananaliksik*. Quezon City: Rex Printing Company, Inc.
- Garcia, L. et.al. (2012). *Paradaym: Pananaliksik sa wikang Filipino (Intelektuwalisado, disiplina at konsepto)*. Malabon City: .JymcyzVille Publications.
- Lartec, et.al. (2011). *Instruksiyong Modyular sa Pananaliksik*. Mandaluyong City: Anvil Publishing Inc.
- Mendoza, Z., et., al., (2007). *Pagbasa at Pagsulat Sa Iba't Ibang Disiplina Sa Antas Tersyarya*. Quezon City: Rex Printing Company, Inc.
- Magracia. E. et.al.(2011). *Mabisang pagbasa at pagsulat tungo sa pananaliksik*. Malabon City: Mutya Publishing House, Inc.
- Silva, D, (2014). *Mga paraan ng pananaliksik*. Retrieved from <https://prezi.com/7nherp7aslum/mga-paraan-ng-pananaliksik/>
- Soriano, M. (2017). *Introduksiyon Sa Pananaliksik Sa Wika at Kulturang Pilipino*. Retrieved from <https://www.scribd.com/presentation/378391342/Introduksiyon-Sa-Pananaliksik-Sa-Wika-at-Kulturang-Pilipino-Edited>

Introduksyon sa Pamamahayag

Institution Logo	Name of Institution	Date Last Revised
	College Name	Revision Date
	Department	Semester Adopted

Vision	Mission
---------------	----------------

College Goals

<p>Program Outcomes (mula sa CMO No. 75, s. 2017 p. 4):</p> <p>6.3.2.c. Nakagagamit ng iba't ibang kasanayan at kaalaman sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto</p> <p>6.3.2.e. Nakapagdidisenyo ng malikhain, inobatibo at integratibong mga alternatibong dulog sa pagtuturo at pagkatuto</p>
--

Class Information		Instructor's Information	
Section		Instructor's Name	
Schedule		Office Designation	
Time		Office Hours	
Venue		Office Telephone	
Term		E-mail Address	

Course Information

Course Name	Introduksyon sa Pamamahayag	Course Code	Fil. 110
Pre-requisite Subject		Course Credit	3 units, 3 hrs./wk. (18 weeks, 54 hrs. total)
Course Requirements			
Grading System			

Course Description	BTIs covered
Naipakikita ang batayang kaalaman sa pamamahayag at paglinang sa kritikal at malikhaing kasanayan sa pagsulat ng iba't ibang uri at anyo ng sulating journalistik sa pamamagitan ng positibong paggamit ng kasanayang ICT, ang kontemporaryo at makabagong teknolohiya. Saklaw rin nito ang pagpapakita ng kaalaman sa pagpapatupad ng mga naayon at nakatutugon sa paghahanda at pamamahala ng pahayagang pampaaralan.	1.1.1 1.3.1 4.3.1
Course Learning Outcomes	BTIs covered
Pagkatapos ng kurso, ang mga mag-aaral ay inaasahang:	
A. Naipakikita ang pag-unawa sa batayang kaalaman at kasanayan sa pagsulat ng iba't ibang sulating journalistik;	1.1.1
B. Naipakikita ang kasanayan sa positibong paggamit ng teknolohiya sa pagkatuto sa pagsulat ng iba't ibang uri at anyo ng sulating journalistik; at	1.3.1
C. Naipakikita ang ng kaalaman sa pagpapatupad ng mga naayon at nakatutugon sa paghahanda at pamamahala ng pahayagang pampaaralan.	4.3.1

Time Allotment	Intended Learning Outcomes (ILOs)	BTIs	Content	Suggested Teaching Learning Activities	Suggested Assessment	BTIs
Linggo 1-2	<p>a. Naipakikita ang kaalaman sa katuturan, saklaw, layunin, tungkulin, seksiyon at mga bahagi ng pahayagan;</p> <p>b. Naipakikita ang kaalaman sa paglalapat ng batayang nilalaman sa pamamahayag sa pang-araw-araw na pakikipag-ugnayan.</p>	<p>1.1.1</p> <p>1.1.1</p> <p>A</p>	<p>Paksa: Ang Pamamahayag</p> <ol style="list-style-type: none"> Katuturan, Saklaw, Layunin at Tungkulin ng Pamamahayag Iba't Ibang Seksiyon ng Pahayagan at mga Bahagi nito. 	<p>Pangkatang Gawain Paglikom, Pagsusuri at Paghihinuha</p> <ul style="list-style-type: none"> Paghanap ng mga halimbawang pahayagan (e.g., Manila Bulletin, Phil. Star, etc.) at pagpapakita sa mga ito sa klase. <p>Kolaboratibong Pagkatuto</p> <ul style="list-style-type: none"> Pangkatang pagsusuri sa mga nalikom na pahayagan batay sa saklaw, layunin at tungkulin ng pahayagan sa pamamagitan ng pagbabasa at pagsusuri sa nilalaman ng mga artikulo. Gayundin ang pagtukoy sa mga seksiyon at mga bahagi ng pahayagang pang-araw-araw. Pagbuo ng hinuha hinggil sa kahulugan at kahalagahan ng pahayagan batay sa mga isinagawang pagsusuri. Malayang Talakayan. 	<p>Comprehension Test at Ilustrasyon</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapakita ng kaalaman sa mga batayang nilalaman ng pahayagan sa pamamagitan ng pagbasa ng mga artikulo at/o bahagi ng balita at pagsagot sa mga tanong (ihahanda ng guro) upang matukoy ang saklaw, layunin at tungkulin ng pahayagan. Pagbuo ng ilustrasyon na magpapakita ng iba't ibang seksiyon at bahagi ng isang pahayagan mula sa mga ginupit na larawan (cut) at artikulo. <p>Repleksiyong Papel</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapakita ng kaalaman sa paglalapat ng kaalaman sa pamamagitan ng pagsulat ng Repleksiyong Papel hinggil sa kahalagahan ng pamamahayag at ang pansariling tungkulin sa pang-araw-araw 	<p>1.1.1</p> <p>1.1.1</p> <p>1.1.1</p>
Linggo 3	<p>a. Naipakikita ang kaalaman sa paglalakbay ng balita</p> <p>b. Naipakikita ang kaalaman sa pagsusuri ng balita batay sa sangkap at uri na nakapaloob dito.</p>	<p>1.1.1</p> <p>1.1.1</p> <p>A</p>	<p>Paksa: Paglalakbay ng Balita, Mga Sangkap at Uri nito.</p>	<p>Pagpapakita ng kaalaman sa paglalakbay ng balita sa pamamagitan ng pakikipanayam sa mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> Mamamahayag (Paano isinusulat ang isang balita) Patnugot (Paano isagawa ang pagwawasto ng kopya ng balita at pag-uulo ng balita) <i>Printing Press</i> (Paano isinasagawa ang paglalathala ng balita) 	<p>Paggawa ng flow chart</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapakita ng kaalaman hinggil sa paglalakbay ng balita sa pamamagitan ng <i>flow chart</i> na nagpapakita ng pagbuo ng balita mula sa pagtatala, pagsulat, pagsasaayos, paglilimbag hanggang distribusyon. <p>Pagbuo ng collage</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapakita ng kaalaman sa pagsusuri ng iba't ibang halimbawa ng balita ayon sa sangkap at uri nito sa 	<p>1.1.1</p> <p>1.1.1</p>

				<ul style="list-style-type: none"> Gumawa ng tala hinggil isinagawang panayam at ibahagi sa klase ang anumang nakuhang impormasyon. <p>Paglikom ng mga nailathalang balita at pagsusuri sa mga sangkap at uri nito.</p>	<p>pamamagitan ng collage. Ilagay sa <i>illustration board</i> ang awtput at gawin ang pagtalakay sa pamamagitan ng <i>collage exhibit</i> sa loob ng klasrum. Ipaliwanag ang kaniya-kaniyang gawa.</p>	
Linggo 4-5	<p>a. Naipakikita ang kaalaman sa katuturan ng pamatnubay at pagsusuri sa mga uri nito.</p> <p>b. Naipakikita ang kaalaman sa pagsulat ng pamatnubay na may pagsasaalang-alang sa mga tuntunin nito.</p>	<p>1.1.1</p> <p>1.1.1</p> <p>A</p>	<p>Paksa: Ang Pamatnubay</p> <ol style="list-style-type: none"> Katuturan Mga Uri at Pamamaraan sa Pagsulat <ul style="list-style-type: none"> Kombensiyunal Pambalarila Makabago 	<p>Pagsisipi at Pagsusuri</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsipi ng mga halimbawa ng pamatnubay mula sa iba't ibang pahayagan: pangkampus, lokal, at nasyunal. Pagsusuri sa mga pamatnubay batay sa anyo at paraan ng pagsulat nito. Sa gabay ng guro, bigyang-linaw ang paraan ng pagsulat nito. <p>Pagsasanay sa Pagsulat: 5Ws, 1H</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsulat ng pamatnubay mula sa balangkas ng mga impormasyon (ihahanda ng guro). Palitang-kuro, Malayang Talakayan at Pagwawasto. 	<p>Pagsusuri</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapakita ng kaalaman sa katuturan at uri ng pamatnubay sa pamamagitan ng pagsusuri at pagkilala sa iba't ibang uri ng pamatnubay na ginamit sa isang pahayagang pang-araw-araw at pagsulat ng reaksiyon hinggil sa kahalagahan ng pamatnubay sa isang balita. <p>Pagsulat ng Pamatnubay</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapakita ng kaalaman sa batayang nilalaman ng pamatnubay sa pamamagitan ng pagmamasid ng mga mahahalagang gawaing pampaaralan at pagbuo ng pamatnubay hinggil dito na isinasaalang-alang mga tuntunin sa pagsulat ng mahusay na pamatnubay. 	<p>1.1.1</p> <p>1.1.1</p>
Linggo 6-7	<p>a. Naipakikita ang kaalamang pangnilalaman ng balita: katuturan, katangian, kayarian (mga modelo) at mga salik na mahalaga sa pagsulat ng balita.</p> <p>b. Naipaliwanag at nailalarawan ang katuturan at katangian ng isang mahusay na balita;</p>	<p>1.1.1</p>	<p>Paksa: Pagsulat ng Balita:</p> <ol style="list-style-type: none"> Katuturan, Katangian, Kayarian (mga modelo), mga Salik na Mahalaga sa pagsulat ng Balita, at Mga Tuntunin sa Pagsulat ng Balita. 	<p>Pangkatang Pagtalakay</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapakat-pangkat at pagsisipi at/o pagki-clip ng mga balita (news article) mula sa iba't ibang pahayagang pang-araw-araw. Bawat pangkat ay magsasagawa ng isang pagsusuri batay sa pokus na itatalaga ng guro: <i>Katuturan, Katangian, Kayarian</i> at mga <i>Salik</i>. 	<p>Paggawa ng News Vlog</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapakita ng kaalamang pangnilalaman ng balita (katuturan, katangian, kayarian, at mga salik) sa pamamagitan ng pagbuo ng isang <i>news vlog</i> na nagpapaliwanag at naglalarawan sa mga batayang kaalaman ng balita. 	<p>1.1.1</p>

	<p>c. Nasusuri ang mga salik na mahalaga sa balita gamit ang sipi ng isang nilathalang balita.</p> <p>d. Naipakikita ang kasanayan sa positibong paggamit ng ICT sa pagsusuri at pag-unawa sa mga tuntunin/paraan/mungkahi sa pagsulat ng balita.</p>	<p>1.3.1</p> <p>A, B</p>		<p>Round Table Discussion</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagtatanghal ng awtput batay sa isinagawang pagsusuri ng mga mag-aaral. <p>Pagsusuri at Pag-eebalweyt</p> <ul style="list-style-type: none"> Paghahanap ng mga pahayagang elektroniko (i.e, Rappler, FB pages etc.) at pagkuha ng sipi ng mga nalathalang artikulo. Pagsasagawa ng pagsusuri sa paraan ng pagsulat at anyo nito kasama na ang pagtukoy sa kapaniwalaan (reliability) at layunin ng nasabing balita. Malayang talakayan. 	<p>Paggawa ng News Analysis Matrix</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapakita ng kaalamang pangnilalaman ng balita sa pamamagitan ng pagsusuri sa isang artikulo (news article – ibibigay ng guro). Paghihimay sa detalye at kahalagahan ng balita upang matukoy ang mga salik na nakapaloob dito at pagtatanghal nito gamit ang isang <i>matrix</i>. <p>Panonood at Pagpili ng trending videos at pagsulat ng balita hinggil dito</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapakita ng kaalaman sa positibong paggamit ng ICT sa pamamagitan ng panonood ng mga <i>trending videos</i> at/o isyu sa social media at pagsusuri sa katumpakan at kapaniwalaan nito upang makabuo ng isang mahalagang balita na may pagsasaalang-alang sa mga tuntunin/paraan/mungkahi sa pagsulat ng balita. 	<p>1.1.1</p> <p>1.3.1</p>
Linggo 8-9	<p>a. Naipakikita ang kaalaman sa nilalaman ng pagsulat ng pangulong tudling o <i>editorial</i>.</p> <p>b. Naipaliliwanag ang katuturan, layunin, uri ng pangulong tudling o <i>editorial</i>.</p> <p>c. Naiisa-isa ang mga tuntunin sa pagsulat ng pangulong tudling sa pagbuo sa ng editorial.</p>	<p>1.1.1</p> <p>1.3.1</p>	<p>Paksa: Pagsulat ng Editorial:</p> <ol style="list-style-type: none"> Katuturan Layunin at mga Uri nito Mga Tuntunin at Simulain sa Pagsulat ng Editorial 	<p>Pagsasagawa ng Debate</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng kaniya-kaniyang argumento, paliwanag at/o pananaw hinggil sa isang napapanahong isyu sa lipunan (politikal, kultural, relihiyon, edukasyon, ekonomiya atbp.) Pagbuo ng sintesis at pagtatala ng mga mahahalagang puntos o linya mula sa mga argumento ng bawat isa. Malayang Talakayan (Bibigyang-pansin ng guro ang kahalagahan ng mga argumento sa pagsulat ng isang editorial) <p>Pag-eebalweyt</p>	<p>Pagbuo ng flyers</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapakita ng kaalaman sa mga batayang nilalaman ng balita sa pamamagitan ng pagbuo ng isang <i>flyer</i>. Nilalaman nito ang pagpapaliwanag sa katuturan, layunin at mga uri ng <i>editorial</i> gayundin ang pag-iisa-isa sa mga tuntunin sa pagsulat ng isang epektibong pangulong tudling. <p>Pagsulat ng Editorial Blog</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapakita ng kasanayan sa positibong paggamit ng ICT sa pagtitimbang ng mga argumento 	<p>1.1.1</p> <p>1.3.1</p>

	<p>d. Naipakikita ang kasanayan sa positibong paggamit ng ICT sa pag-unawa sa mga kasalukuyang isyung panlipunan gamit ang kaalaman sa <i>editorial</i>.</p> <p>e. Naipakikita ang kaalaman sa paglalapat ng mga simulain at tuntunin sa pagsulat ng isang mabisang <i>editorial</i>.</p>	<p>1.1.1</p> <p>A, B</p>		<ul style="list-style-type: none"> Pagpapakita ng kasanayang ICT sa pamamagitan ng pagkuha, pagsipi ng mga Pangulong Tudling mula sa iba't ibang <i>social media platform</i>. Pagsasagawa ng Pangkatang Pagsusuri sa nilalaman, uri at layunin nito gamit ang pamantayang ihahanda ng guro. Malayang Talakayan <p>Pagbabalangkas at Pagsulat</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpili ng paksa sa susulating editorial, pagbabalangkas sa mga mahahalagang punto at bahagi nito at pagsulat ng burador. Pagsusuri sa isinulat na editoryal at pagsasagawa ng Malayang Talakayan 	<p>at pagbibigay bigat sa mga opinion.</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapakita ng kaalaman sa pagbuo ng <i>editorial blog</i> na iaa-upload sa kahit na anong <i>social media platform</i>. Sa pamamagitan ng mga komento na malilikom ay magsasagawa ng pag-eebalweyt kung naging epektibo nga ba ito. 	<p>1.1.1</p>
Linggo 10	PANGGITNANG PAGSUSULIT / MIDTERM EXAMINATION					
Linggo 11-12	<p>a. Naipakikita ang kaalaman sa mga batayang nilalaman ng pagsulat ng lathalain;</p> <p>b. Naipaliliwanag ang katuturan, katangian, layunin, mga uri at paraan ng pagsulat ng mahusay na lathalain;</p> <p>c. Naipakikita ang kaalaman sa pagsusuri sa pagkakaiba ng lathalain sa iba pang artikulo.</p> <p>d. Naipakikita ang kasanayan sa positibong paggamit ng ICT sa pag-unawa sa pagsulat ng mahusay na lathalain.</p>	<p>1.1.1</p> <p>1.3.1</p> <p>1.1.1</p>	<p>Paksa: Pagsulat ng Lathalain: Katuturan, Katangian, Layunin, mga Uri at mga Paraan ng Pagsulat ng Mahusay na Lathalain</p>	<ul style="list-style-type: none"> Pagsulat ng <i>Concept Notes</i> at Pagsasagawa ng <i>Panel Discussion</i> Pananaliksik sa mga batayang nilalaman ng pagsulat ng lathalain sa pamamagitan ng pagsulat o pagbuo ng concepts notes. Maaaring ilahad sa iba't ibang paraan. pabalangkas o gumamit ng <i>graphic organizer</i>. <p>Pagsasagawa ng Pangkatang pagtatanghal hinggil sa kaniya-kaniyang paksa sa paraang <i>panel discussion</i>.</p> <ul style="list-style-type: none"> Panood at Pagsusuri ng mga <i>magazine shows</i>. Panonood ng mga <i>video</i> mula sa iba't ibang <i>feature shows</i> (e.g., KMJS at Rated K) at pagsusuri sa nilalaman, layunin at paraan ng 	<p>c. Pagsulat ng <i>Review Paper</i> Pagpapakita ng kaalaman sa mga batayang nilalaman ng lathalain sa pamamagitan ng pagsulat ng review paper. Pagpapaliwang sa katuturan, katangian, layunin, mga uri at paraan ng pagsulat ng isang mahusay na lathalain.</p> <p>d. Pagbuo ng <i>Pic-Word Chart</i> Pagpapakita ng kaalaman sa pagsusuri sa pagkakaiba ng tanging lathalain sa ibang artikulo sa pamamagitan ng paggupit at/o pagsipi ng mga halimbawa at pagpapadikit at pag-uuri –uri sa mga ito sa isang papel na may kasamang pagpapaliwanag.</p> <p>e. Pagsulat ng Tanging Lathalain</p>	<p>1.1.1</p> <p>1.1.1</p> <p>1.3.1</p>

	e. Naipakikita ang kaalaman sa paglalapat ng mga batayang kaalaman ng lathalain sa pagbuo ng isang lathalain.	A, B		<p>paglalahad. Paghahambing sa mga palabas na ito sa mga karaniwang pagbabalita (e.g., TV Patrol at 24 Oras). Malayang Talakayan.</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsipi ng mga lathalain mula sa iba't ibang pahayagan at pagsusuri sa estruktura at balangkas nito. (Anyo, Panimula, Katawan at Wakas). 	<p>Pagpapakita ng kasanayan sa positibong paggamit ng ICT sa paghanap at pagkuha ng mga natatanging kwento sa iba't ibang <i>social media platform</i> bilang lunsaran sa... (cont. #14)</p> <p>f. Pagpapakita ng kaalaman sa paglalapat ng mga kaalaman sa lathalain sa pagsulat ng isang tanging lathalain. (pag-isahin ang gawain 3 at 4)</p>	1.1.1
Linggo 13	<p>a. Naipakikita ang kaalaman sa batayang nilalaman ng balitang pampalakasan;</p> <p>b. Naipaliliwanag ang katuturan, katangian, uri at mga paraan ng pagsulat ng balitang pampalakasan.</p> <p>c. Naipakikita ang kaalaman sa paraan ng pagkuha ng ulat para sa balitang pampalakasan.</p> <p>d. Naipakikita ang kaalaman sa pagsulat ng isang mahusay na balitang pampalakasan.</p>	<p>1.1.1</p> <p>1.1.1</p> <p>1.1.1</p> <p>A</p>	<p>Paksa: Pagsulat ng Balitang Pampalakasan: Katuturan, Katangian ng Mahusay na Balitang Pampalakasan at Mga Paraan sa Pagsulat</p>	<p>Panood at Pagsusuri</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapakita ng kaalaman sa mga batayang nilalaman ng balitang pampalakasan sa pamamagitan ng panood, pagmamasid at pagsusuri sa mga balitang pampalakasan (<i>Print at Visual</i>). <p>Pagsasagawa ng Pakikipanayam</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapakita ng kaalaman sa paraan ng pagkuha ng ulat sa pamamagitan ng pagsasagawa ng panayam sa mga mamahayag. Pagtatala at Pag-uulat. <p>Pagbuo ng Tseklist</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapakita ng kaalaman sa pagsusuri ng isang mahusay na balitang pampalakasan sa pamamagitan ng pagbuo ng tseklist na gagamiting pamatayan sa pagtaya sa kalidad ng artikulo. 	<p>Pagbuo ng isang Album</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapakita ng kaalaman sa batayang nilalaman ng balitang pampalakasan sa pamamagitan ng pag-aalbum sa katuturan, katangian, uri at mga paraan ng pagsulat ng balitang pampalakasan. Maaaring magsama ng mga dagdag na larawan sa awtput. <p>Pagbuo ng Procedural Chart</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapakita ng kaalaman sa paraan ng pagkuha ng ulat para sa balitang pampalakasan sa pamamagitan ng paggawa ng procedural chart na nagpapakita ng mga tiyak na paraan sa pagkuha ng datos mula sa isinagawang panayam. <p>Pagsulat</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapakita ng kaalaman sa pagsulat ng isang mahusay na balitang pampalakasan sa pamamagitan ng pagsulat ng balita sa isang larong napanood. 	<p>1.1.1</p> <p>1.1.1</p> <p>1.1.1</p> <p>1.1.1</p>

Linggo 14	<p>a. Naipakikita ang kaalaman sa katuturan, gamit, uri, istilo at anyo ng ulo ng balita.</p> <p>b. Naipakikita ang kasanayan sa positibong paggamit ng ICT sa pag-unawa at pagtuturo sa mga tuntunin at pagbilang ng yunits sa pagsulat ng ulo ng balita</p> <p>c. Naipakikita ang kaalaman sa pagsulat ng isang mahusay na Ulo ng Balita.</p>	<p>1.1.1</p> <p>1.3.1</p> <p>1.1.1</p> <p>A, B</p>	<p>Paksa: Pagsulat ng Ulo ng Balita: Katuturan, Gamit, Uri, Istilo at Anyo ng Ulo ng Balita; Pagbilang ng Yunits sa Pagsulat ng Ulo ng Balita; Pagsulat ng Mahusay na Ulo ng Balita</p>	<p>Pagki-clip at/o Pagsisipi</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagpapakita ng kaalaman sa mga batayang nilalaman ng ulo ng balita sa pamamagitan ng paggupit, pagpapadikit at/o pagsipi ng mga halimbawang ulo ng balita mula sa iba't ibang pahayagan. • Pagsusuri ng mga halimbawa ng ulo ng balita ayon sa katuturan, gamit, uri, istilo at anyo ng ulo ng balita. – Malayang Talakayan. <p>Pair Teaching at Kolaboratibong Gawain</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagpapakita ng kasanayan sa positibong paggamit ng ICT sa pamamagitan ng paghahanap ng <i>mga video tutorial/discussion</i> hinggil sa pag-uulo ng balita. • Pagbabahaginhinhan at talakayan (may gabay ng guro). <p>Pag-uulo ng Balita: Pagsasanay</p> <ul style="list-style-type: none"> • Paggupit/pag-alis ng ulo ng balita ng isang artikulo at pagpapalitan. Muling gagawan ng ulo ng balita at pagkatapos ay ihahambing ang binuong ulo ng balita sa orihinal bersiyon. • Malayang Talakayan 	<p>Pagsulat ng Impormatibong Ulat</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagpapakita ng kaalaman sa mga batayang nilalaman ng ulo ng balita sa pamamagitan ng pagpapaliwanag, paglalarawan at pagbibigay detalye sa katuturan, gamit, uri, istilo at anyo ng ulo ng balita. <p>Pagbuo ng Video Tutorial</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagpapakita ng kasanayan sa positibong paggamit ng ICT sa pag-unawa at pagtuturo ng mga tuntunin at pagbilang ng yunits sa pag-uulo ng balita sa pamamagitan ng pagbuo ng isang video tutorial na ia-upload sa anumang <i>social media flatform</i>. <p>Pagsulat ng Ulo ng Balita</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagpapakita ng kaalaman sa pagsulat ng ulo ng balita sa pamamagitan ng pag-uulo ng isang balita (ihahanda ng guro). 	<p>1.1.1</p> <p>1.3.1</p> <p>1.1.1</p>
Linggo 15	<p>e. Naipakikita ang kaalaman sa pagwawasto ng kopya;</p> <p>f. Natutukoy ang mga tungkulin ng tagawasto ng kopya;</p> <p>g. Nagagamit nang angkop ang mga pananda sa pagwawasto ng kopya</p>	<p>1.1.1</p> <p>4.5.1</p>	<p>Paksa: Pagwawasto ng Kopya: Mga Tungkulin ng Tagawasto ng Kopya, Mga Panandang Gamit sa Pagwawasto</p>	<p>Pagpapakita ng kaalaman sa pagwawasto ng kopya o sipi:</p> <ul style="list-style-type: none"> - Pagkuha ng larawan (laminated) ng mga pananda na ginagamit sa pagwawasto. - Pagtalakay sa mga tiyak na gamit ng mga pananda sa pagwawasto - Palitang-kuro hinggil sa mga tungkulin ng tagapagwasto. 	<p>Pagwawasto ng Kopya o Sipi Pagpapakita ng kaalaman sa pagwawasto ng kopya o sipi sa pamamagitan ng pagwawasto ng isang balita (ihahanda ng guro) na may wastong paggamit ng mga pananda at may pagsasaalang-alang sa mga tungkulin bilang tagawasto.</p>	<p>1.3.1</p> <p>1.5.1</p>

	<p>h. Naipakikita ang kasanayan sa pagpili, pagbuo at paggamit ng mga materyal na angkop sa pagwawasto ng kopya.</p> <p>i. Napipili at nalilikom ang mga naisulat na artikulo (balita, editorial, lathalain, isports) para sa paghahanda ng pahayagan.</p>	A, C		<p>Pamimili at Pagsasanay</p> <ul style="list-style-type: none"> Naipakikita ang kasanayan sa pagpili ng mga naaangkop na materyal (artikulo) na maaaring nalathala, sariling gawa o ng kaklase na gagamitin sa pagsasanay sa pagwawasto. Muling pagsulat sa iwinastong papel. Paghahambing upang makita kung nasunod ang mga pananda o pagwawasto sa papel. 	<p>Pagpili at Paggamit</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapakita ng kasanayan sa pagpili, pagbuo at paggamit ng angkop na materyal na gagamitin sa pagsukat ng kasanayan sa pagwawasto sa pamamagitan ng pagpili ng mga artikulo na nagagamit ang lahat ng pananda sa pagwawasto. Paglilikom (kalipunan ng mga artikulo para sa gagawing pahayagan) 	
Linggo 16-17	<ul style="list-style-type: none"> Naipakikita ang kaalaman sa mga pamaraan ng pag-aanyo ng pahina, uri ng pagsasaayos at mga patnubay sa pag-aanyo ng panloob na pahina Naipakikita ang kasanayan sa positibong paggamit ng ICT sa pagdidisenyo o pag-aanyo ng pahayagan. 	<p>1.1.1</p> <p>1.3.1</p> <p>A, B</p>	<p>Paksa: Pag-aanyo ng Pahina: Uri ng Pagsasaayos at Patnubay sa Pag-aanyo ng Panloob na Pahina</p>	<p>Paglikom at Pagsusuri</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapakita ng kaalaman sa pag-aanyo sa pamamagitan ng pagtipon ng iba't ibang pahayagang may masining na pag-aanyo ng pangmukhang pahina at paghahambing sa iba pang halimbawa. Pagsusuri sa katangain ng pag-aanyo, pagsasaayos ng mga nilalaman at pagkakasunod-sunod nito. <p>Pagmamasid</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagmamasid sa isang tagapag-anyo ng pahina (layout artist) sa kanyang paggawa. <p>Seminar-Workshop</p> <ul style="list-style-type: none"> Paggamit ng kasanayang ICT sa pag-aanyo ng pahayagan sa pamamagitan ng <i>Graphic and Design Workshop</i> (Pangangasiwaan ng guro, maaari ring mag-imbiba ng eksperto para magbigay ng <i>lecture</i> at <i>workshop</i>). 	<ul style="list-style-type: none"> Pag-aanyo ng Pahayagan Pagpapakita ng kasanayan sa positibong paggamit ng ICT sa pag-aanyo ng isang pahayagan sa pamamagitan ng pagpapakita ng kaalaman sa paglalapat ng mga batayang kaalaman (paraan, pagsasaayos, pag-uuri) sa pag-aanyo ng pahayagan. Maaaring Tabloid, Diyaryo, Magasin, Pahayagan at iba pa. 	<p>1.3.1</p> <p>1.1.1</p>
Linggo 18	<p>a. Naipakikita ang kaalaman sa wastong paggamit ng palabantasan, pagpapantig, tambilang at gamit ng maliit</p>	<p>1.1.1</p> <p>A</p>	<p>Paksa: Paggamit ng Palabantasan, Pagpapantig, Tambilang at</p>	<ul style="list-style-type: none"> Pangkatang Gawain Pagpapakita ng kaalaman sa wastong paggamit ng mga istilong pampamahayagan sa pamamagitan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagpasa ng Pahayagan Pagpapakita ng kaalaman sa wastong paggamit ng mga istilong pampamahayagan sa 	<p>1.1.1</p>

	at malaking titik sa pahayagan;		Gamit ng Maliit at Malaking Titik sa Pahayagan	ng pagsusuri at pagsasaayos ng pahayagan. Magpalitan ng awtput (bawat pangkat) upang masuri at masigurado ang kaangkupan sa paggamit ng mga istilong pampahayagan (gagabayan ng guro) Presentasyon. Pagbabahaginh	pamamagitan ng pagwawasto sa awtput na ipapasa.	
--	---------------------------------	--	--	---	---	--

Mga Sanggunian

Balunsay, J.R. & Cedre, R.K. (2016). *Kontemporaryong pamahayagang pangkampus: Patnubay sa pagsulat ng balita, editorial*. Malabon City: Jimczyville Publication.

Ceciliano, J. (2010). *Campus journalism and school paper advising*. Manila: Rex Bookstore.

Cruz, C.J. (2003). *Pamahayagang pangkampus sa bagong milenyo (Unang edisyon)*. Sampaloc Manila. Rex Bookstore, Inc.

Cruz, C.J. (2010). *Campus journalism and school paper advising*. Sampaloc Manila. Rex Bookstore, Inc.

Cushion, S. (2012). *Television journalism: Journalism studies. Key text*. Los Angeles: SAGE.

Malinao, A.L. (2008). *Feature, editorial and opinion writing*. Mandaluyong City: National Bookstore.

Institution Logo	Name of Institution		Date Last Revised
	College Name		Revision Date
	Department		Semester Adopted
Vision		Mission	
College Goals			
Program Outcomes (mula sa CMO No. 75, s. 2017 p. 4):			
<p>6.3.2.d. Nagtataglay ng kaalaman hinggil sa usapin ng kultural at linggwistikong dibersidad ng bansa.</p> <p>6.3.2.f. Nakagagawa ng pananaliksik ukol sa ikauunlad ng wikang Filipino bilang wikang panturNaipakikita ang malawak at malalim nan a pag-unawa at kaalaman sa ugnayan ng wika, kultura at lipunan.</p>			

Class Information		Instructor's Information	
Section		Instructor's Name	
Schedule		Office Designation	
Time		Office Hours	
Venue		Office Telephone	
Term		E-mail Address	

Course Information

Course Name	Barayti at Baryasyon ng Wika	Course Code	Fil. 111
Pre-requisite Subject	Introduksyon sa Pag-aaral ng Wika (mungkahi)	Course Credit	3 units, 3 hrs./wk. (18 weeks, 54 hrs. total)
Course Requirements (mungkahi)			
<ul style="list-style-type: none"> • Makapagsaliksik ng mga barayti ng wika sa bawat rehiyon upang mapalawak ang kaalaman sa bokabyularyo sa iba't ibang rehiyon at kamalayan sa Wika, • Makabuo ng Ortograpiyang Filipino sa bawat rehiyon upang magamit bilang kagamitang panturo sa Mother Tongue. 			
Grading System			

Course Description	BTIs covered
Sumasaklaw sa komparatibong sarbey ng iba't ibang relasyunal, sosyal, antropolohikal, akademik, okupasyunal na barayti at baryasyon ng wika. Makatutulong ang kursong ito upang makagamit din ng Unang Wika, Filipino, at Ingles sa pagtuturo at pagkatuto.	1.2.1 1.6.1
Course Learning Outcomes	BTIs covered
Pagkatapos ng kurso, ang mga mag-aaral ay inaasahang:	
A. Naipakikita ang kaalaman sa barayti at baryasyon ng Wika;	1.1.1
B. Nagagamit ang Unang Wika, Filipino, at Ingles na nakatutulong sa pagtuturo at pagkatuto ng barayti at baryasyon ng wika;	1.2.1
C. Naipakikita ang pag-unawa sa saklaw ng berbal at di-berbal na komunikasyon sa pag-aaral ng barayti at baryasyon ng Wika; at	1.6.1
D. Naipakikita ang kaalaman sa iba't ibang estratehiya na nakatutugon sa mga mag-aaral sa linggwistika, kultural , sosyo-ekonomik at paniniwalang kinabibilangan sa pagtuturo at pagkatuto sa heograpikal, sosyal at okupasyunal.	3.2.1

Time Allotment	Intended Learning Outcomes (ILOs)	BTIs	Content	Suggested Teaching Learning Activities	Suggested Assessment	BTIs
Linggo 1-2	a. Naipakikita ang kaalaman sa kahalagahan at kahulugan ng Barayti, Barayti ng Wika at Baryasyon ng Wika	1.1.1 A	Paksa 1. Barayti 2. Barayti ng Wika 3. Baryasyon 4. Kahalagahan ng Barayti ng Wika	<ul style="list-style-type: none"> Pagpapakita ng kaalaman sa pamamagitan ng <i>think-pair-share</i> <ul style="list-style-type: none"> Ang mag-aaral ay maghahanap ng kapares Bawat isa sa kanila ay magbabahagi ng kani-kanilang mga ideya tungkol pagbibigay ng kahulugan at kahalagahan ng barayti at baryasyon ng wika at pagbibigay ng mga halimbawa. Gagamitin ang Venn Diagram sa pagpapakita ng kaibahan ng barayti at baryasyon ng wika. Magbibigay ng mga halimbawa at itatala ang kanilang mga sagot sa papel. Pagkatapos ng 15-20 minuto na itinakdang oras ng guro sa pagbabahagi sa kanilang sagot sa kapares. 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbuo ng Grapikong Paglalarawan Pagpapakita ng kaalaman sa pamamagitan ng grapikong paglalarawan sa kaalaman tungkol sa barayti at baryasyon ng wika. <ul style="list-style-type: none"> Ikikritik ng guro at mg-aaral ang isinagawang presentasyon. 	1.1.1
Linggo 3-4	a. Naipakikita ang kaalaman sa pagkakaiba sa dalawang uri ng barayti ng wika: ang permanente at pansamantala	1.1.1 A	Paksa: Dalawang uri ng Barayti 1. Permanente 2. Pansamantala	<ul style="list-style-type: none"> Concept Mapping Naipakikita ang kaalaman sa dalawang uri ng barayti ng wika sa pamamagitan ng pagbuo ng <i>concept map</i> hinggil sa dalawang uri ng barayti ng wika. <ul style="list-style-type: none"> Papangkatin ang klase sa limang pangkat. Bawat pangkat ay bubuo ng <i>concept mapping</i> upang magbigay ng ideya tungkol sa kaalaman sa uri ng barayti ng wika. Bibigyang lamang sila ng 20 minuto upang tapusin ito. Ang bawat miyembro ay magbibigay ng ideya hinggil sa paksa. 	<ul style="list-style-type: none"> Pagpapakita ng kaalaman sa dalawang uri ng barayti ng wika sa pamamagitan ng ginawang <i>concept map</i>. <i>Group presentation</i> sa pagpapaliwanag sa nabuong concept map hinggil sa uri ng barayti ng wika. Magbibigay ng puna ang guro at ibang mag-aaral sa ginawang presentasyon. Pangkatang pagbibigay ng marka. 	1.1.1 1.1.1

				<ul style="list-style-type: none"> Pipili ng isang miyembro upang magpapaliwanag sa buong klase Gagamit ng <i>powerpoint presentation</i> sa paglalahad ng awtput. 		
Linggo 5-6	a. Naipakikita ang kaalaman sa pananaliksik sa na may kaugnay sa teoryang sosyolinggwistiko.	1.2.1 B	Paksa: Teoryang Sosyolinggwistiko	<ul style="list-style-type: none"> Saliksik-Kaalaman Naipakikita ang kaalaman sa pananaliksik sa pamamagitan ng paghahanap ng mga pag-aaral patungkol sa sosyolinggwistika. Suriin ang kanilang natuklasan sa isinagawang pag-aaral. Magpapatala ng mga natutuhan sa teoryang ito at iulat sa klase. 	<ul style="list-style-type: none"> Dokumentaryo Pagpapakita ng kaalaman sa pananaliksik hinggil sa sosyolinggwistik sa pamamagitan ng pagbuo ng isang dokumentaryo na nagpapakita ng ugnayan ng sosyedad at wika. 	1.2.1
Linggo 7-8	a. Naipakikita ang kaalaman sa pananaliksik sa heterogenous na wika.	1.2.1 B	Paksa: Teoryang Heterogenous	<ul style="list-style-type: none"> Field Study & Observation Naipakikita ang kaalaman sa pananaliksik sa pamamagitan ng pag-oobserba sa mga tao sa kanyang kapaligiran kung paano sila nagsasalita o nakikipag-usap sa kapwa at ano ang kahulugan nito. <p>Malayang Talakayan.</p>	<ul style="list-style-type: none"> Hambingang Talakay. Pagpapakita kaalaman sa pananaliksik sa pamamagitan ng paghahanap ng mga salitang magkapareho ang kahulugan magkakaiba ang katawagan. 	1.2.1
Linggo 9	PANGGITNANG PAGESUSULIT / MIDTERM EXAMINATION					
Linggo 10	a. Naipakikita ang kaalaman sa teoryang <i>linguistic divergence at convergence sa SLA o Second Language Acquisition</i>	1.1.1 A	Paksa: Teorya ng Akomodasyon	<ul style="list-style-type: none"> Panonood ng Bidyo at Talakayan Naipakikita ang kaalaman sa teoryang <i>linguistic divergence at convergence</i> Indibidwal na Gawain Papangkat in ang mag-aaral sa apat na pangkat. Ang mga mag-aaral ay magpapakita ng <i>video clips</i> na nagpapakita ng iba't ibang sitwasyon na makikita ang 	<ul style="list-style-type: none"> Pagpapakita ng kaalaman sa teoryang <i>linguistic divergence at convergence</i> <ul style="list-style-type: none"> Pangkatin sa lima ang klase Bawat pangkat ay maghahanda ng isang senaryo/ isang pangyayari sa pamamagitan ng maikling dula-dulaan na makikita ang 	1.1.1

				<p><i>linguistic convergence</i> at <i>linguistic divergence</i>.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Panonoorin ito sa klase. • Magbibigay puna ang guro at kapwa mag-aaral 	<p>dalawang teorya; ang divergence at convergence.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Itatanghal ito matapos ang 30 minuto na pagsasanay. • Magbibigay ng feedback ang guro at mag-aaral sa pamamagitan ng malayang talakayan. 	
Linggo 11	a. Nagagamit ng Unang Wika, Filipino at Ingles pa pagtuturo/pagkatuto kaugnay sa teoryang <i>interference at interlanguage</i> .	1.6.1 A	Paksa: Teoryang Interference Phenomenon at InterLanguage • Interference	<ul style="list-style-type: none"> • Interaktibong Gawain Naipakikita ang kaalaman sa teoryang <i>interference at interlanguage</i> sa pamamagitan ng pag-oobserba sa loob ng klase sa kani-kanilang pakikipag-ugnayan sa kklase maging sa kanilang guro o sa kapaligiran. Ipapatala ang wikang ginamit at paano ginamit. 	<ul style="list-style-type: none"> • Malikhaing-Pangkatang Pagtatanghal. Pagpapakita ng kaalaman sa <i>interference at interlanguage</i> sa pamamagitan ng pangkatang presentasyon na natutuhan sa teoryang ito. 	1.6.1
Linggo 12	a. Naipakikita ang kaalaman sa iba't ibang estratehiya na nakatutugon sa mga mag-aaral sa linggwistika, kultural , sosyo-ekonomik at paniniwalang kinabibilangan sa pagtuturo at pagkatuto sa heograpikal, sosyal at okupasyunal.	3.2.1 D	Paksa: Ang Heograpikal, Sosyal, at Okyupasyunal na barayti ng wika	<ul style="list-style-type: none"> • Pagbuo ng Word Mapping Naipakikita ang kaalaman heograpikal, sosyal at okyupasyunal sa pamamagitan ng <i>word mapping</i> <ul style="list-style-type: none"> • Pangkatang gawain sa pagbuo ng <i>word mapping</i> • Presentasyon ng pangkat • Malayang talakayan 	<ul style="list-style-type: none"> • Pangkatang Pagtatanghal Naipakikita ang kaalaman sa iba't ibang estratehiya na nakatutugon sa mga mag-aaral sa linggwistika, kultural, sosyo-ekonomik at paniniwalang kinabibilangan sa pagtuturo at pagkatuto sa heograpikal, sosyal at okupasyunal sa pamamagitan ng pangkatang presentasyon 	3.2.1
Linggo 13	a. Naipakikita ang kaalaman sa ICT sa pagtalakay ng idyolek na isa sa barayti ng wika.	1.3.1 C	Paksa: Idyolek	<ul style="list-style-type: none"> • Voice Recognition Activity Pagpapakita ng Kaalaman sa ICT pagtalakay ng Idyolek. <ul style="list-style-type: none"> • Magpa-download ng mga boses ng mga prominenteng tatak ng pagsasalita ng isang tao sa ating lipunan maaaring <i>newscaster</i>, mga artista, politiko at iba pa. • Iparinig sa mga mag-aaral pagkatapos ay pahulaan sa 	<ul style="list-style-type: none"> • Boses-Kilalanin. Pagpapakita ng kaalaman sa ICT sa pagtalakay kaugnay na ng idyolek. <ul style="list-style-type: none"> • Bawat mag-aaral ay magre-record ng kanilang boses sa pamamagitan ng pag-awit, pagbabalita, pagtatalumpati at iba pa at ipaparinig sa buong klase. 	1.3.1

				mag-aaral kung sino/kanino itong pahayag o kataga at kung saang lugar ito ayon sa istilo ng nagsasalita.	<ul style="list-style-type: none"> Pahuhulaan sa kapwa mag-aaral ang boses kug sino ang nagsasalita. Susuriin at bibigyang pidbak ang yunik na paraan ng pagsasalita. 	1.2.1
Linggo 14	a. Nagagamit ang kaalaman sa pananaliksik sa pagtalakay kahulugan at pagkakaiba ng <i>Pidgin</i> at <i>Creole</i> bilang barayti ng wika.	1.2.1 B	Paksa: Pidgin Creole	<ul style="list-style-type: none"> Pagtatala Naipakikita ang kaalaman sa pananaliksik sa pamamagitan pangangalap sa mga halimbawa ng Pidgin at Creole na barayti ng wika Malayang talakayan 	<ul style="list-style-type: none"> Pagsulat ng Ulat Naratibo. Nagagamit ang kaalaman sa pananaliksik pamamagitan ng paglilikom ng mga datos. Susuriin ang mga nakalap na impomasyon hinggil sa pagkakabuo/istruktura 	
Linggo 15	a. Naipakikita ang kaalaman sa pagggamit ng Unang Wika, Filipino at Ingles na ginagamit na komunikasyon sa tahanan na tinatawag na ekolek.	1.1.1 C	Paksa: Ekolek	<ul style="list-style-type: none"> Pagtatanghal ng iskit na nakapokus ang karaniwang wikang ginagamit partikular sa loob tahanan ng mga magulang, ate kuya at iba pang miyembro ng pamilya. <ul style="list-style-type: none"> Iuulat sa buong klase sa pamamagitan ng maikling dula-dulaan at dayalogo. Ikikritik ng guro ang lahat ng presentasyon isinagawa sa klase. Magbibigay ng rubrik sa pagmamarka. 	<ul style="list-style-type: none"> Ekolek <i>Compilation.</i> Nakagagamit ng Unang Wika, Filipino at Ingles sa pagbuo ng <i>compilation</i> ng ekolek na barayti ng wika tigdalawampung wikang kadalasang ginagamit na wika sa bahay ng bawat miyembro ng pamilya at pagsasama-samahin ng bawat miyembro ng pangkat. 	1.1.1
Linggo 16	a. Nagagamit ang Unang Wika, Filipino at Ingles sa pagtuturo at pagkatuto ng dayalek na mga salita.	1.2.1 B	Paksa: Dayalek	<ul style="list-style-type: none"> Nagagamit ang unang wika, Filipino at Ingles sa pagtutumbas ng ibang wika sa bawat rehiyon. 	<ul style="list-style-type: none"> Nagagamit ang unang wika, Filipino at Ingles sa pagtutumbas ng ibang wika sa bawat rehiyon. 	1.2.1
Linggo 17	a. Naipakikita ang kaalaman sa pagbuo ng word list ng mga register sa iba't ibang larangan o disiplina.	1.1.1 A	Paksa: Register ng Wika	<ul style="list-style-type: none"> Hambingang Pagtalakay sa Pamamagitan ng Triple Venn Diagram Naipakikita ang kaalaman sa register sa pamamagitan ng paggawa ng triple Venn diagram na nagpapakita ng pagkakaiba at pagkakatulad ng 	<ul style="list-style-type: none"> Pagbuo ng Leksikograpiya ng Iba't Ibang Rehistro Naipakikita ang kaalaman sa register sa pamamagitan ng pagtatala ng rehistro ng wika na may kanya-kanyang larangan at katumbas na kahulugan. 	1.1.1

				<p>domeyn, ang larangang pangwika na nakontrol, nakontrol nang bahagya sa larangang pangwika at dinakontrol na mga larangan ng wika.</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Magtala ng mga rejister na wika ayon sa mga sumusunod; <ul style="list-style-type: none"> a. Agham/teknolohiya b. Kompyuter c. Edukasyon d. Hukuman e. Literatura/Media f. Pamahalaan 	
Linggo 18	PANGWAKAS NA PAGSUSULIT					
Mga Sanggunian						
<p>Arrogante, J.A. (2007). <i>Sining ng komunikasyon sa akademikong Filipino</i>. Mandaluyong City: National Book Store.</p> <p>Alcaraz, C. et. Al. (2016). <i>Komunikasyon at pananaliksik</i>. Quezon City: Educational Resources Corporation.</p> <p>Dinglasan, R.D. (2007). <i>Komunikasyon sa akademikong Filipino</i>. Quezon City: Rex Book Store.</p> <p>Espina, L.D. et. Al. (2007). <i>Modyul ng komunikasyon sa akademikong Filipino</i>. Manila: Mindshapers Co., Inc.</p> <p>Mag-Atas, R. et. Al. (2011). <i>Komunikasyon sa akademikong Filipino</i>. Manila: Booklore Publishing Corporation.</p>						

Mga Natatanging Diskurso sa Wika at Panitikan

Institution Logo	Name of Institution	Date Last Revised
	College Name	Revision Date
	Department	Semester Adopted
Vision		Mission
College Goals		
<p>Program Outcomes (mula sa CMO No. 75, s. 2017 p. 4):</p> <p style="margin-left: 40px;">6.3.2.a. Nagpapamalas ng mataas na antas ng kaalaman sa pagtuturo ng wika at panitikang Filipino, 6.3.2.b. Nagpapakita ng malawak at malalim na pag-unawa at kaalaman sa ugnayan ng wika, kultura at lipunan, 6.3.2.c. Nakagagamit ng iba't ibang kasanayan at kaalaman sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto, at 6.3.2.d. Nagtataglay ng kaalaman hinggil sa usapin ng kultura at linggwistikong debersidad ng bansa.</p>		

Class Information		Instructor's Information	
Section		Instructor's Name	
Schedule		Office Designation	
Time		Office Hours	
Venue		Office Telephone	
Term		E-mail Address	

Course Information

Course Name	Mga Natatanging Diskurso sa Wika at Panitikan	Course Code	Fil. 112
Pre-requisite Subject		Course Credit	3 units, 3 hrs./wk. (18 weeks, 54 hrs. total)
Course Requirements			
Grading System			

<p>Course Description</p> <p>Naipakikita ang kaalaman at kakayahan sa pagsusuri ng mga piling diskursong pangwika at pampanitikan sa konteksto ng Lipunang Pilipino. Natutukoy ang mga konsepto at isyung pangwika at pampanitikan at kahalagahan at kaugnayan ng mga ito sa akademiko at di-akademikong gawain at karanasan ng mga mag-aaral na Pilipino.</p>	<p>BTIs covered</p> <p>1.1.1</p> <p>1.2.1</p>
<p>Course Learning Outcomes</p> <p>Pagkatapos ng kurso, ang mga mag-aaral ay inaasahang:</p> <ul style="list-style-type: none"> A. Naipakikita ang kaalaman at kakayahan sa pagsusuri ng mga piling diskursong pangwika at pampanitikan sa konteksto ng Lipunang Pilipino; at B. Natutukoy ang mga konsepto at isyung sa wika, kultura at lipunan at ang implikasyon nito sa pagtuturo at pagkatuto ng Filipino sa pamamagitan paggamit ng kritikal, malikhain, at mataas na kasanayan sa pag-iisip. 	<p>BTIs covered</p> <p>1.2.1</p> <p>1.1.1</p>

Sauco, C. et al. (2004). *Panitikan ng pilipinas* (Panrehiyon). Makati City: Katha Publishing Co. Inc.

Villafuerte, P.V. (2000). *Panunuring pampanitikan* (Teorya at pagsasanay). Valenzuela City: Mutya Publishing House.

Iba pang mga sanggunian:

http://tl.answers.com/Q/Maikling_kwento_at_ang_kaligirang_pangkasaysayan_nito

http://tl.answers.com/Q/Mga_elemento_ng_maikling_kwento_at_ang_mga_kahulugan_nito

<http://208500232771798456.weebly.com/bahagi.html>

www.seasite.nie.edu/tagalog/tagalog-short-stories-fs.htm

<https://www.slideshare.net/cli4d/ang-sampung-natatanging-nobelang-filipino>

<https://www.google.com/search?q=nobelang+filipino+silabus&tbm=isch&tbs=rimg:CY9JtXNFW9E-IjjLRL5eKk7bbzUVIOtSYsgDGt9LTbI9HbruLZ>

[_1fZLX5sf6PpmQddRYdf5V7sRhXct2LkcntXxuwCoSCctEvl4oqTttEUA-cwRQJzL3KhIjvNRWU61JiyARhJE6gM2IkBoqEgkMa30tNsj0dhGpnKtrAv9-wSoSCeu4tn99ktfmEdw7w8b4Tu8SKhIjx_1o-mZB11FgRBZYY84WRVHqEgl1_1IXuxGFdyxHnio3sRDT3wioSCXYuRye1fG7AEdqvDbgJXCbi&tbo=u&sa=X&ved=2ahUKEwjfvnx08rgAhXMc94KHUB](https://www.google.com/search?q=nobelang+filipino+silabus&tbm=isch&tbs=rimg:CY9JtXNFW9E-IjjLRL5eKk7bbzUVIOtSYsgDGt9LTbI9HbruLZ_1fZLX5sf6PpmQddRYdf5V7sRhXct2LkcntXxuwCoSCctEvl4oqTttEUA-cwRQJzL3KhIjvNRWU61JiyARhJE6gM2IkBoqEgkMa30tNsj0dhGpnKtrAv9-wSoSCeu4tn99ktfmEdw7w8b4Tu8SKhIjx_1o-mZB11FgRBZYY84WRVHqEgl1_1IXuxGFdyxHnio3sRDT3wioSCXYuRye1fG7AEdqvDbgJXCbi&tbo=u&sa=X&ved=2ahUKEwjfvnx08rgAhXMc94KHUB)

[HAKUQ9C96BAgBEBs&biw=1280&bih=610&dpr=1.5#imgrc=KBMhXgHInNcAM:](http://www.seasite.nie.edu/tagalog/tagalog-short-stories-fs.htm)

Institution Logo	Name of Institution		Date Last Revised
	College Name		Revision Date
	Department		Semester Adopted
Vision		Mission	
College Goals			
Program Outcomes (mula sa CMO No. 75, s. 2017 p. 4):			
<p>6.3.2.a. Nagpapamalas ng mataas na antas ng kaalaman sa pagtuturo ng wika at panitikang Filipino.</p> <p>6.3.2.c. Nakagagamit ng iba't ibang kasanayan at kaalaman sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto.</p> <p>6.3.2.e. Nakapagdidisenyo ng malikhain, inobatibo at integratibong mga alternatibong dulog sa pagtuturo at pagkatuto.</p> <p>6.3.2.f. Nakagagawa ng pananaliksik ukol sa ikauunald ng wikang Filipino bilang wikang panturo.</p>			

Class Information		Instructor's Information	
Section		Instructor's Name	
Schedule		Office Designation	
Time		Office Hours	
Venue		Office Telephone	
Term		E-mail Address	

Course Information

Course Name	Panulaang Fiipino	Course Code	Fil. 106
Pre-requisite Subject		Course Credit	3 units, 3 hrs./wk. (18 weeks, 54 hrs. total)
Course Requirements			
Grading System			

<p>Course Description</p> <p>Naipamamalas ang pagpapahalaga sa mga makata at kaalaman sa iba't ibang uri ng tula batay sa pangkasaysayang pagyabong ng panulaan at paggamit nito sa loob at kabuuan ng kurikulum sa iba't ibang disiplina ng pagtuturo. (1.1.1). Naipamamalas ang pag-unawa sa kaalamang pampananaliksik tungkol sa mga sangkap at impluwensya ng mga piling tula na kumakatawan sa bawat panahon batay sa mga prinsipyo ng pagtuturo at pagkatuto. (1.2.1)</p>	<p>BTIs covered</p> <p>1.1.1</p> <p>1.2.1</p>
<p>Course Outcomes</p> <p>A. Naipamamalas ang pagpapahalaga at kaalaman sa mga makata at iba't ibang uri ng akdang patula, batay sa pangkasaysayang pagpapayabong ng panulaan at paggamit nito sa loob at sa kabuuan ng kurikulum sa iba't ibang disiplina ng pagtuturo;</p> <p>B. Naipamamalas ang pag-unawa sa kaalamang pampananaliksik tungkol sa mga sangkap at impluwensya ng mga piling tula na kumakatawan sa bawat panahon batay sa mga prinsipyo ng pagtuturo at pagkatuto;</p> <p>C. Naipamamalas ang positibong paggamit ng ICT sa pangangasiwa ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto;</p> <p>D. Naipamamalas ang kaalaman sa konteksto ng pagtuturo at pagkatuto na naghihikayat sa mga mag-aaral na produktibong;</p> <p>E. Pagsagawa ng ginagampanag responsibilidad sa pansariling mag-aaral sa piling tula na kumakatawan sa bawat panahon;</p> <p>F. Naipamamalas ang kaalaman sa mga disenyo, pagpili, pagsasaayos, at paggamit ng diagnostic, formative, at summative na pagtataya sa mga estratehiya na sumusunod sa pangangailangan ng kurikulum;</p> <p>G. Naipamamalas ang kaalaman sa mga Elemento ng Tula, mga Uri ng Sukat at Anyo ng Tula upang umunlad ang mag-aaral; at</p> <p>H. Naipamamalas ang pag-unawa kung paano magagamit ang propesyonal na pagmumuni-muni upang mapabuti ang kasanayan sa pagtuturo.</p>	<p>BTIs covered</p> <p>1.1.1</p> <p>1.2.1</p> <p>1.3.1</p> <p>2.5.1</p> <p>5.1.1</p> <p>1.1.1</p> <p>7.4.1</p>

Time Allotment	Intended Learning Outcomes (ILOs)	BTIs	Content	Suggested Teaching Learning Activities	Suggested Assessment	BTIs
Linggo 1-2	<p>a. Naipamamalas ang kaalaman sa nilalaman at paggamit nito sa loob at kabuuan ng kurikulum sa iba't ibang disiplina ng pagtuturo.</p> <p>b. Naipamamalas ang pag-unawa Kung paano maihahayag ang pagiging propesyonal upang mapaunlad ang kasanayan sa pagtuturo ng paksa 1,3,4 gamit ang Simulated Teaching</p> <p>c. Naipamamalas ang positibong paggamit ng ICT sa pagtukoy ng pagkakatulad at pagkakaiba ng Prosa o Tuluyan at Panulaan</p> <p>d. Naipamamalas ang kaalaman sa mga disenyo, pagpili, pagsasaayos, at paggamit ng diagnostic, formative at summative na pagtataya sa paksang may kinalaman sa pagkakaiba ng mga Bugtong, Salawikain at Sawikain</p>	<p>1.1.1 A</p> <p>7.4.1 G</p> <p>1.3.1 C</p> <p>5.1.1 E</p>	<p>Paksa</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Ang Panitikan 2. Pangkalahatang uri ng panitikan (Mga Tula) 3. Prosa / Tuluyan 4. Panulaan 5. Bugtong 6. Salawikain 7. Sawikain 	<p>Pagpapakita ng kaalaman sa panitikan, pangkalahatang panitikan; prosa/tuluyan, panulaan; bugtong, salawikain at sawikain</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagbibigay ng oryentasyon ng Simulated Teaching (live action role play ng pagtuturo, (Presnilla-Espada, 2014) • Pagbibigay ng paksa sa bawat isa • Paghahanda ng mga estratehiyang maaring gamitin pati mga kagamitan (hal. Powerpoint, video clips, mga kopya ng akda at tula, mga larawan, at iba pa) • Pagtuturo sa paggawa ng buod ng paksa at paggawa ng graphic organizer • Pagtuturo ng epektibong pagtataya • Pagtuturo ng tamang pananamit ng guro at gawi sa harap ng klase • Pagbigay ng pangkalahatang puna at grado sa nagturo batay sa simulated Teaching Rating Scale • Pagbibigay ng mga mahahalagang puntos at sintesis tungkol sa mga aralin at sa bahagi na hindi naibigay o naituro nang maayos 	<p>Pagpapakita ng kaalaman</p> <p>Sagot-Tanong</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagtuturo sa klase ng paksang itinalaga sa kanila batay sa alintuntunin ng <i>simulated teaching</i> • Paghahanda ng 3 antas ng tanong (kaalaman, pag-unawa, aplikasyon) tungkol sa panitikan at pangkalahatang uri ng panitikan • Pagmumuni-muni sa ginawang pagtuturo ng kaklase at pagbibigay ng mga positibong puna at mungkahi para sa ikabubuti ng pagtuturo ng paksa 1,3,4 • Paggawa ng Venn Diagram sa Powerpoint upang ipakita ang • Pagkakatulad at kaibahan ng Prosa / Tuluyan at Panulaan • Pagsasagawa ng isang Quiz Show sa pamamagitan ng pagbasa ng tanong 2 beses at pagsabi ng "Go!" para sa pagsagot; pagsabi ng 1,2,3 Show! pagkatapos ng 30 segundo; Pagsasabi kung ano ang tamang sagot • Pagsasagawa ng larong may Bugtong, Salawikain at Sawikain 	<p>1.1.1</p> <p>7.4.1</p> <p>1.3.1</p> <p>5.1.1</p>
Linggo 3	<p>a. Naipamamalas ang kasanayan sa positibong paggamit ng makabagong teknolohiya na makatutulong sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto nito.</p>	<p>1.3.1 C</p>	<p>Paksa</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Kaligirang Pangkasaysayan ng Tula 	<p>Pagpapakita ng positibong paggamit ng ICT</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagtatalakay sa kaligirang pangkasaysayan ng tula gamit ang Powerpoint, video clips at iba pang multi-media na kagamitan; • Pagsasanay sa Mag-aaral tungkol sa kaalaman sa paksa; 	<p>Pagpapakita ng positibong paggamit ng ICT</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pakikibahagi sa malayang talakayan tungkol sa Kaligirang Pangkasaysayan ng tula • Pag-uulat ng paksang nakatalaga gamit ang mga alituntunin ng ICT 	<p>1.3.1</p>

				<ul style="list-style-type: none"> • pagsasanay tungkol sa paggamit ng iba't ibang anyo at paraan ng pagtatalakay ng paksa gamit ang ICT • Pagtuon ng pansin sa nilalaman ng paksa at pamamaraan ng paggamit ng ICT; Pagtatala ng mahahalaagang paalala sa wastong paggamit ng ICT sa pagtuturo. 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsasaalang-alang sa mg puna at mungkahi upang mapaunlad at mapabuti ang paggamit ng ICT • Pagbahagi ng sariling karanasan sa wasto at positibong paggamit ng ICT 	
Linggo 4	a. Naipamamalas ang kaalaman sa pagsusuri ng mga Elemento ng Tula, mga Uri ng Sukat at Anyo ng Tula upang umunlad ang mag-aaral	1.1.1 F	Paksa: 1. Mga Elemento ng tula 2. Mga Uri ng Sukat at Anyo ng Tula	Pagpapakita ng kaalaman <ul style="list-style-type: none"> • Pag-iimbita ng <i>isang Lokal na Makata o Manunulat ngTula</i> upang ibahagi ang kanyang karanasan sa pagsulat ng tula, pagtukoy sa Elemento ng Tula, mga Uri ng Sukat at Anyo ng Tula; • Pagbubukas ng talakayan pagkatapos ng panayam • Pagbibigay ng buod at pagsasanay sa mga pinag-aralang paksa 	Pagpapakita ng kaalaman sa pagsusuri ng Tula <ul style="list-style-type: none"> • Pagtukoy sa mga elemento, uri ng sukat at anyo ng tula • Pagsusuri sa mga elemento, sukat at uri ng sukat at anyo ng tula na ibibigay ng guro; A. Pagsulat ng payak na tula gamit ang kaalaman sa mga elemento, sukat at anyo ng tula 	1.1.1
Linggo 5	a. Naipamamalas ang pag-unawa sa kaalamang pampananaliksik batay sa mga prinsipyo ng pagtuturo at pagkatuto	1.2.1 B	Paksa 1. Mga Makata at Akda sa Panahon ng mga Kastila	Pag-unawa sa kaalamang pampananaliksik <ul style="list-style-type: none"> • Paghati ng klase sa apat (4) na pangkat; • Pagbibigay ng pangkalahatang ideya ng pagsisiyasat tungkol sa mga makata at akdang patula noong Panahon ng mga Kastila; • Pagbibigay ng mga alituntunin sa paggawa ng ulat batay sa ginawang pagsisiyasyasat • Pag-uulat tungkol sa natuklasang kaalaman • Pagbukas ng malayang talakayan tungkol sa mga makata at akda sa panahon ng mga kastila 	Pagpapakita ng pag-unawa sa kaalamang pampananaliksik <ul style="list-style-type: none"> • Pagsisiyasat sa natanggap na paksa tungkol sa mga makata at akdang patula noong Panahon ng mga Kastila; • Pag-uulat sa natuklasang kaalaman at pagpapaliwanag ng mga ito gamit ang malikhaing estratehiya • Pakikibahagi sa malayang talakayan tungkol sa p • Paggamit ng rubrik sa pagbibigay ng grado sa pag-uulat 	1.2.1
Linggo 6	a. Naipamamalas ang kaalaman sa nilalaman at paggamit nito sa loob at kabuuan ng	1.1.1 F	Paksa 1. Mga Naiambag ng mga Makata sa	Pagpapakita ng kaalaman	Pagpapakita ng kaalaman Maringal na pagtatanghal	1.1.1

	kurikulum sa iba't ibang disiplina ng pagtuturo		pagpapayabong ng panulaan noong Panahon ng mga Kastila	<ul style="list-style-type: none"> • Paglalahad ng mga makatang may mga natatanging akdang patula na naiambag sa pagpapayabong ng panulaan sa panahon ng mga Kastila gamit ang isang video clip or powerpoint na may mga larawan; • Pagtatalakay sa paksa nang malaliman • Pagbibigay ng pagsasanay upang mapatibay ang kaalaman sa paksa 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagsagot sa isang pagsusulit tungkol sa paksa • Pagdaos ng maringal na pagtatanghal kung saan ang mga piniling mag-aaral ay gaganap bilang mga makatang may natatanging naiambag sa pagpapayabong ng panulaan sa panahon ng mga Kastila; • Pagtatanghal ng mga piling tula na iambag ng mga makata sas kanilang panahon • Pakikibahagi sa talakayan tungkol sa mga pagtatanghal na isinagawa • Paggamit ng rubrik bilang pamantayan sa pagbibigay ng grado 	
Linggo 7	a. Naipamamalas ang kaalaman sa nilalaman at paggamit nito sa loob at kabuuan ng kurikulum sa iba't ibang disiplina ng pagtuturo	1.1.1 F	Paksa <ol style="list-style-type: none"> 1. Mga uri ng akdang patula 2. Tulang pasalaysay 3. Tulang Liriko o Pandamdamin; Tulang Padula at Patnigan 	Pagpapakita ng kaalaman <ul style="list-style-type: none"> • Paglalahad ng mga tulang pasalaysay, liriko o pandamdamin, padula at patnigan; • Pagbasa ng mga tulang ito sa klase; • Pagbibigay ng panayam tungkol sa katangian ng bawat uri ng tula; • Pagsasanay sa pagkilala at pagtatanghal ng mga uri ng tula 	Pagpapakita ng kaalaman <ul style="list-style-type: none"> • Paglalarawan at pagpapaliwanag sa mga uri, katangian at kaligiran ng mga akdang patula sa isang pagsusulit • Pagbibigay ng iba't ibang halimbawa ng akdang patula • Pagbibigay buhay sa mga uri ng tula sa pamamagitan ng pagtatanghal sa klase o sa mga buwanang pagdiriwang; • Pakikibahagi sa talakayan pagkatapos ng mga pagtatanghal at pagsusulit • Paggamit ng rubrik sa sa pagbibigay ng grado sa pagtatanghal ng tula 	1.1.1
Linggo 8-9	a. Naipamamalas ang pag-unawa sa kaalamang pampananaliksik batay sa mga prinsipyo ng pagtuturo at pagkatuto	1.2.1 B	Paksa <ol style="list-style-type: none"> 1. Mga makata at natatanging akdang patula sa mga Panahon ng <ul style="list-style-type: none"> • Propaganda • Himagsikan • Amerikano • Hapones 	Pag-unawa sa kaalamang pampananaliksik <ul style="list-style-type: none"> • Paghati ng klase sa apat (4) na pangkat; • Pagbibigay ng pangkalahatang ideya ng mga paraan ng pagsisiyasat tungkol sa mga makata at akdang patula noong Panahon ng Propaganda; Himagsikan; Amerikano at Hapones; • Pagbibigay ng mga alituntunin sa paggawa ng ulat batay sa ginawang pagsisiyasat 	Pag-unawa sa kaalamang pampananaliksik <ul style="list-style-type: none"> • Pagsisiyasat sa natanggap na paksa tungkol sa mga makata at akdang patula noong Panahon ng Propaganda; Himagsikan; Amerikano at Hapones; • Pag-uulat sa natuklasang kaalaman at pagpapaliwanag ng mga ito gamit ang malikhaing estratehiya; 	1.2.1

				<ul style="list-style-type: none"> • Pagtalakay sa mga natuklasang kaalaman • Pagsasanay sa pagbigkas at pagtatanghal ng mga piling tula 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagtatanghal ng mga natatanging tula • Paggamit ng rubrik sa pagbibigay ng grado 	
Linggo 10	PANGGITNANG PAGSUSULIT / MIDTERM EXAMINATION					
Linggo 11-12	a. Nakagagamit ng unang wika, Filipino, at Ingles na makatutulong sa pagtuturo at pagkatuto	1.6.1	Paksa 1. Mensahe at kahulugan ng mga akda noong mga Panahon ng Propaganda; Himagsikan; Amerikano at Hapones	Paggamit ng unang wika, Filipino at Ingles <ul style="list-style-type: none"> • Pagbibigay ng panayam tungkol sa konsepto ng MTBMLE at ang kahalagahan nito sa pangangasiwa ng pagtuturo at pagkatutuo; • Pagbibigay ng pagsasanay sa pagsusuri ng mensahe at kahulugan ng mga akda noong mga Panahon ng Propaganda; Himagsikan; Amerikano at Hapones; • Paghati sa klase ng apat (4) na pangkat at pagtatalaga ng tulang susuriin; • Paghikayat sa mga mag-aaral na gumamit ng unang wika, Filipino o Ingles sa pagsusuri at pagbabahagi ng kaalaman sa lalo na kung ang orihinal na tula ay nakasulat sa mga nasabing wika; <ul style="list-style-type: none"> - Pagtatalakay sa mga natuklasang kaalaman hinggil sa paksa 	Paggamit ng unang wika, Filipino at Ingles <ul style="list-style-type: none"> • Pagbabahagi ng kaalaman tungkol sa mensahe o kahulugan sa likod ng mga akda noong <i>mga Panahon ng Propaganda; Himagsikan; Amerikano at Hapones</i> • Pagtukoy ng mga kontekstong naayon sa paggamit ng unang wika, Filipino at Ingles; • Malayang pagtalakay gamit ang unang wika, Filipino o Ingles sa pagsusuri sa mga mensahe at kahulugan ng mga natatanging akdang patula sa kani-kanilang pangkat; 	1.6.1
Linggo 13	a. Naipamamalas ang kaalaman sa nilalaman at paggamit nito sa loob at kabuuan ng kurikulum sa iba't ibang disiplina ng pagtuturo.	1.1.1	Paksa 1. Mga naiambag ng mga makata sa pagpapayabong ng mga akdang patula sa mga Panahon ng Propaganda; Himagsikan; Amerikano at Hapones	Pagpapakita ng kaalaman <ul style="list-style-type: none"> • Paglalahad ng mga makatang nagpayabong sa mga akdang patula sa Panahon ng Propaganda; Himagsikan; Amerikano at Hapones; • Pagtalakay sa mahahalagang naiambag ngabawat makata sa pagpapayabong ng mga tulang Filipino • Pagbabasa ng mga piling tula • Paghahanda ng maikling pagsasanay para sa layuning makilala ang mga 	Pagpapakita ng kaalaman <ul style="list-style-type: none"> • Pagtukoy sa mga naimabag ng mga makata sa pagpapayabong ng tulang Filipino • Pagbigkas ng mga piling tula nang may damdamin • Pagsusulat ng tula gamit ang estilo ng isa o kumbinasyon ng iba ibang makata sa mga panahon ng Propaganda; Himagsikan; Amerikano at Hapones; 	1.1.1

				makata at mabasa ang kanilang mga tula	<ul style="list-style-type: none"> • Paggamit ng Unang Wika o Filipino sa pagsulat ng tula; • Pag-aalay ng ginawang tula sa alaala ng mga makatang nagbigay ng inspirasyon sa kanila • Paggamit ng rubrik bilang pamantayan sa pagbibigay ng grado 	
Linggo 14-15	a. Naipamamalas ang pag-unawa sa kaalamang pampananaliksik batay sa mga prinsipyo ng pagtuturo at pagkatuto.	1.2.1	Paksa 1. Panitikang Patula sa mga Panahon ng Liberasyon o Pagpapalaya at Aktibismo	<p>Pagpapakita ng pag-unawa sa kaalamang pampananaliksik</p> <ul style="list-style-type: none"> • Paghati ng klase sa apat (4) na pangkat; • Pagbibigay ng pangkalahatang ideya ng mga paraan ng pagsisiyasat tungkol sa makata at akdang patula noong Panahon ng Liberasyon o Pagpapalaya at Aktibismo; • Pagbibigay ng mga alituntunin sa paggawa ng ulat batay sa ginawang pagsisiyasyasat; • Pagbibigay laya sa mag-aaral na ilahad ang kaalaman sa malikhaing paraan • Pagtalakay sa mga naiulat na mga kaalaman • Pagbibigay ng kargdagang impormasyon at paliwanang na hindi naiulat ng mag-aaral • Pagsagawa ng Bigkasang Tula 	<p>Pagpapakita ng pag-unawa sa kaalamang pampananaliksik</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagsisiyasat sa natanggap na paksa tungkol sa mga makata at akdang patula noong Panahon ng Liberasyon o Pagpapalaya at Aktibismo; • Pag-uulat sa natuklasang kaalaman at pagpapaliwanag ng mga ito gamit ang malikhaing estratehiya • Pakikibahagi sa malayang talakayan tungkol sa paksa • Pakikibahagi sa bigkasang tula Pagsuri sa mahahalagang mensaheng nais iparating ng mga makata sa likod ng kanilang mga tula 	1.2.1
Linggo 16	a. Naipamamalas ang kaalaman sa napapanahon, wasto at nakatutulong na feedback para sa pagtataya	5.3.1	Paksa 1. Mensahe at Kahulugan ng mga akda noong mga Panahon ng Liberasyon o Pagpapalaya at Aktibismo	<p>Pagpapakita ng kaalaman sa napapanahon, wasto at nakatutulong na feedback para sa pagtataya</p> <ul style="list-style-type: none"> • Panayam at Pagsusuri sa ilang mga mensahe at kahulugan ng mga akda noong mga Panahon ng Liberasyon o Pagpapalaya; • Pagtalakay sa mga natuklasang kaalaman pagkatapos ng pagsusuri • Pagbibigay ng panayam tungkol sa mga paraan ng pagbibigay ng napapanahon, 	<p>Pagpapakita ng kaalaman sa napapanahon, wasto at nakatutulong na feedback para sa pagtataya</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pakikibagi sa isang panayam at pagsusuri tungkol sa mensahe at kahulugan ng mga akda noong mga Panahon ng Liberasyon o Pagpapalaya at Aktibismo • Formative na pagsusulit sa paggawa ng napapanahon, wasto at nakatutulong na feedback sa 	5.3.1

				<p>wasto at nakatutulong na feedback para sa pagtataya;</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagpapakita ng halimbawa ng iba't ibang paraan ng aktuwal na pagtataya; • Paggamit ng napag-aralang paksa upang masanay ang mga mag-aaral sa pagpapalano ng napapanahon, wasto at nakatutulong na feedback para sa pagtataya • Pangkatang pagsasanay sa paggawa ng napapanahon, wasto at nakatutulong na feedback para sa pagtataya • Panonood ng pagtatanghal ng isang kilalang makata 	<p>pagtataya batay sa paksang pinag-aaralan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Paglalahad ng iba't ibang paraan ng pagtataya gamit ang napapanahon, wasto at nakatutulong na feedback sa pagtataya. • Paglikha ng sariling tula na naaayon sa panahon • Pagpapahayag ng damdamin at napulot na mensahe sa likod ng mga tula ng napanood na pagtatanghal ng kilalang makata 	
Linggo 17	a. Naipamamalas ang kaalaman sa nilalaman at paggamit nito sa loob at kabuuan ng kurikulum sa iba't ibang disiplina ng pagtuturo.	1.1.1	<p>Paksa</p> <p>1. Mga naiambag ng mga makata sa pagpapayabong ng mga akdang patula sa mga Panahon ng Liberasyon o Pagpapalaya at Aktibismo</p>	<p>Pagpapakita ng kaalaman</p> <ul style="list-style-type: none"> • Paghati ng klase sa limang (5) pangkat; • Pagbibigay sa bawat pangkat ng isa sa mga talaan ng mga makatang namayagpag sa Pagkakaibang panahon ng Liberasyon o Pagpapalaya at Aktibismo; • Pagbibigay ng alituntunin kung paano mabibigyan ng pagpapahalaga ang mga makata; • Pagbibigay ng isang talakayan tungkol sa mga makata sa panahon ng Liberasyon o Pagpapalaya at Aktibismo • Pagsusuri sa mga akdang patulang sinulat ng mga makata; • Paglalahad ng kwento at natatanging ambag ng bawat makata gamit ang isang malikhaing pagtatanghal 	<p>Pagpapakita ng kaalaman</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagtukoy at pagpapaliwawanag sa mga naiambag ng mga makata sa pagpapayabong ng mga akdang patula sa mga Panahon ng Liberasyon o Pagpapalaya at Aktibismo • Paggawa ng isang matrix na nag lalaman ng pangalan ng mga makata sa panahon ng Liberasyon o Pagpapalaya at Aktibismoat kanilang naiambag sa pagpapayabong ng panulaan sa Pilipinas; • Pagpili ng mga kandidato para sa isang pageant na nagpapakita ng mga makatang nagpayabong ng mga akdang patula noong panahon ng Liberasyon o Pagpapalaya at Aktibismo • Pagsulat ng tula sa kasalukuyang panahon 	1.1.1
Linggo 18	PANGHULING PAGSUSULIT / FINAL EXAMINATION					

Mga Sanggunian

- Buenafior, L.M.G. (n.d.). *Ang kasaysayan ng panulaang Filipino*. Retrieved from http://denzholgado.weebly.com/uploads/2/2/6/0/22600822/ang_kasaysayan_ng_panulaang_filipino.pdf
- Hamdhy, Al. (2014). *Panulaang Pilipino: Maikling kasaysayan ng pag-unlad*. Retrieved from https://prezi.com/8ffuxsbsv6p_/panulaang-pilipino-maikling-kasaysayan-ng-pag-unlad/
- Mahilum, A.B. (2011). *Kasaysayan ng tulang Filipino*. Retrieved from <https://teksbok.blogspot.com/2011/06/kasaysayan-ng-tulang-pilipino.html>. (Retrieved Feb. 28, 19. (2018)
- Nuncio, E.M. et al. (2015). *Makabuluhang Filipino sa iba't ibang pagkakataon batayang aklat sa pagbasa, pagsulat at pananaliksik sa antas pangkolehiyo*. Quezon City C & E Publishing
- Presnilla-Espada, J. (2014). Simulated teaching: Towards a policy framework for pre-service teacher preparation. *Journal of Educational Research and Reviews* Vol. 2(7), pp. 108-120.
- Ramos, M. et al. (1984). *Panitikang Pilipino*. Quezon City: Katha Publishing Company.
- Santiago, E.M. et al. (2010). *Panitikang Filipino, kasaysayan at pag-unlad pangkolehiyo*. Mandaluyong City: National Bookstore.
- Tepace, A.I., Badayos, P.B.. (2007). *Ati-atihan, yaman ng diwa*. Quezon City: Vibal Publication.
- Ulit, Perla G. et al. (2014). *Komunikasyon sa akademikong Filipino*. Manila: Grandbooks Publishing Inc.
- Villanueva, C. (2012). *Pagpalaot mga daloy at daluyan ng panulaang Filipino sa Taft—kronolohiya at antolohiya ng mga premyadong makatang Lasalyano, 1960–2011*. Retrieved from www.academia.edu/18203616/PAGPALAOT_MGA_DALOY_AT_DALUYAN.

Institution Logo	Name of Institution	Date Last Revised
	College Name	Revision Date
	Department	Semester Adopted
Vision		Mission
College Goals		
<p>Program Outcomes (mula sa CMO No. 75, s. 2017 p. 4):</p> <p>6.3.2.a. Nagpapamalas ng mataas na antas ng kaalaman sa pagtuturo ng wika at panitikang Filipino</p> <p>6.3.2.c. Nakagagamit ng iba't ibang kasanayan at kaalaman sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto</p> <p>6.3.2.e. Nakapagdidisenyo ng malikhain, inobatibo at integratibong mga alternatibong dulong sa pagtuturo at pagkatuto</p> <p>6.3.2.f. Nakagagawa ng pananaliksik ukol sa ikauunald ng wikang Filipino bilang wikang panturo</p>		

Class Information		Instructor's Information	
Section		Instructor's Name	
Schedule		Office Designation	
Time		Office Hours	
Venue		Office Telephone	
Term		E-mail Address	

Course Information

Course Name	Dulang Fiipino	Course Code	Lit. 107
Pre-requisite Subject		Course Credit	3 units, 3 hrs./wk. (18 weeks, 54 hrs. total)
Course Requirements			
Grading System			

<p>Course Description</p> <p>Sumasaklaw at nagpapakita ng kaalaman sa pangkasaysayang pag-unlad ng dulang Filipino na nagbibigay tuon sa iba't –ibang paggamit ng mga sangkap o elemento ng teatro; pagsulat ng dula, pagiging director, pag-arte, panonood at pagpuna. Naipamamalas ang kaalaman sa mga disenyo, pagpili, pagsasaayos, at paggamit ng diagnostic, formative, at summative na pagtataya sa mga gawaing may kinalaman sa pagtatanghal ng dula.</p>	<p>BTIs covered</p> <p>1.1.1</p> <p>5.1.1</p>
<p>Course Outcomes</p> <p>A. Naipamamalas ang pag-unawa sa kaalamang pampananaliksik tungkol sa pangkasaysayang pag-unlad ng dulang Filipino batay sa mga prinsipyo ng pagtuturo at kapaligirang pagkatuto na tumutugon sa mga kontekstong panlipunan;</p> <p>B. Nakagagamit ng estratehiyang pampagtuturo sa mga sangkap o elemento ng teatro; pagsulat ng dula, pagiging director, pag-arte, panonood at pagpuna na makatutulong sa pagpapaunlad ng mapanuri at malikhaing pag-iisip, at iba pang mataas na antas ng kasanayang pag-iisip;</p> <p>C. Naipamamalas ang kaalaman sa mga disenyo, pagpili, pagsasaayos, at paggamit ng diagnostic, formative, at summative na pagtataya sa mga gawaing may kinalaman sa pagtatanghal ng dula;</p> <p>D. Naipamamalas ang kaalaman sa mga teorya at iba't ibang uri ng dula at paggamit nito sa loob at kabuuan ng kurikulum sa iba't ibang disiplina nang may positibong paggamit ng ICT;</p> <p>E. Naipamamalas ang kaalaman sa berbal at di-berbal na estratehiya ng komunikasyon na makatutulong sa pag-unawa, partisipasyon at pakikilahok sa mga gawaing may kaugnayan sa iba't ibang anyo ng dulang Filipino gamit ang unang wika, Filipino o Ingles; at</p> <p>F. Naipamamalas ang pag-unawa na nakatutulong sa kapaligirang pagkatuto na nahihikayat ang pakikibahagi ng mga mag-aaral sa mga dulang pansilid-aralan at mga dulang pantanghalan gamit ang positibo at di-marahas na pagdidisiplina sa pamamahala sa mga gawi ng mag-aaral.</p>	<p>BTIs covered</p> <p>1.2.1, 6.1.1</p> <p>1.5.1</p> <p>5.1.1</p> <p>1.1.1, 1.3.1</p> <p>1.7.1, 1.6.1</p> <p>2.4.1</p>

Time Allotment	Intended Learning Outcomes (ILOs)	BTIs	Content	Suggested Teaching Learning Activities	Suggested Assessment	BTIs
Linggo 1	a. Naipamamalas ang pag-unawa sa kaalamang pampananaliksik batay sa mga prinsipyo ng pagtuturo at pagkatuto.	1.2.1 A	Paksa 1. Kasaysayan ng Dulang Filipino sa Panahon ng mga Katutubo at Kastila	Pag-unawa sa kaalamang pampananaliksik <ul style="list-style-type: none"> • Paghati ng klase sa apat (4) na pangkat; • Pagbibigay ng pangkalahatang ideya ng pagsisiyasat tungkol sa kasaysayan ng dulang Filipino sa panahon ng mga katutubo at Kastila; • Pagbibigay ng mga alituntunin sa paggawa ng ulat batay sa ginawang pagsisiyasat; • Paglalahad at presentasyon sa mga natuklasang kaalaman • Pagbibigay ng malayang talakayan tungkol sa mga natuklasang kaalaman 	Pagsasagawa ng larong may Bugtong, Pagpapakita ng pag-unawa sa kaalamang pampananaliksik <ul style="list-style-type: none"> • Pagsisiyasat sa natanggap na paksa tungkol sa kasaysayan ng dulang Filipino sa panahon ng mga katutubo at Kastila; • Pag-uulat sa natuklasang kaalaman at pagpapaliwanag ng mga ito gamit ang malikhaing estratehiya • Pakikibahagi sa malayang talakayan at pagpoproseso ng ginawang pagsasaliksik 	1.2.1
Linggo 2	a. Naipamamalas ang pag-unawa sa kaalamang pampananaliksik batay sa mga prinsipyo ng pagtuturo at pagkatuto	1.2.1 A	Paksa 1. Kasaysayan ng Balagtas at Batutian	Pag-unawa sa kaalamang pampananaliksik <ul style="list-style-type: none"> • Paghati ng klase sa apat (4) na pangkat; • Pagbibigay ng pangkalahatang ideya ng mga paraan ng pagsisiyasat tungkol sa kasaysayan ng Balagtas at Batutian; • Pagbibigay ng mga alituntunin sa paggawa ng ulat batay sa ginawang pagsisiyasat; • Pagbibigay ng mga mahahalagang puntos na hindi nabanggit sa ulat • Pagsasaliksik ng Balagtas sa You Tube at pagbabahagi nito sa klase • Pagpapaliwanag sa mga alituntunin at batayan sa pagsulat ng Balagtas at Batutian 	Pag-unawa sa kaalamang pampananaliksik <ul style="list-style-type: none"> • Pagtatanghal ng payak na balagtas at Batutian • Pagbahagi sa You Tube ng ginawang Balagtas at Batutian • Paggamit ng rubric sa pagbibigay ng grado 	1.2.1

				<ul style="list-style-type: none"> Pagsasanay sa mag-aaral sa pagsulat ng Balagtas at Batutian 		
Linggo 3	a. Naipamamalas ang pag-unawa sa kaalamang pampananaliksik batay sa mga prinsipyong pagtuturo at pagkatuto	1.2.1 A	Paksa 1. Dula noong Panahon ng mga Amerikano at Hapon	Pag-unawa sa kaalamang pampananaliksik <ul style="list-style-type: none"> Paghati ng klase sa apat (4) na pangkat; Pagbibigay ng pangkalahatang ideya ng mga paraan ng pagsisiyasat tungkol sa dula noong Panahon ng mga Amerikano at Hapon; Pagbibigay ng mga alituntunin sa paggawa ng ulat batay sa ginawang pagsisiyasat; Pagbukas ng talakayan hinggil sa kaalamang natuklasan 	Pag-unawa sa kaalamang pampananaliksik <ul style="list-style-type: none"> Pagsisiyasat tungkol sa dula noong Panahon ng mga Amerikano at Hapon; Pag-uulat sa natuklasang kaalaman at pagpapaliwanag ng mga ito gamit ang malikhaing estratehiya; Pagpapakita ng mga halimbawa ng dula (pamagat, larawan ng may akda at dula, atbp.) 	1.2.1
Linggo 4	a. Naipamamalas ang kasanayan sa positibong paggamit ng ICT na makatutulong sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto	1.3.1 D	Paksa 1. Mga Drama sa Wikang Ingles	Pagpapakita ng positibong paggamit ng ICT <ul style="list-style-type: none"> Pagbigay ng panayam tungkol sa mga drama sa Wikang Ingles gamit ang Powerpoint, video clips at iba pang anyo ng teknolohiya; Pagsasanay sa paggamit ng iba't ibang anyo at paraan ng pagtuturo ng paksa gamit ang ICT Pagsasanay sa pagtatanghal ng mga piling drama sa Wikang Ingles gamit ang teknolohiya 	Pagpapakita ng positibong paggamit ng ICT sa pagtuturo at pagkatuto <ul style="list-style-type: none"> Pagsaliksik sa detalye ng mga drama sa Wikang Ingles na nakatalaga sa kanilang pangkat; Malikhaing paggamit ng ICT sa pagbabahagi o pag-uulat ng mga natuklasang kaalaman Pagtatanghal ng drama sa wikang Ingles gamit ang ICT 	1.3.1
Linggo 5	a. Naipamamalas ang pag-unawa sa kapaligirang pagkatuto na nakatutulong sa paghihikayat ng pakikibahagi ng mga mag-aaral	2.4.1 F	Paksa 1. Mga Dulang Pansilid-aralan- Chamber Theater 2. Dulang Adaptasyon/Dulang Halaw 3. Dula-Tula	Pagpapakita ng pag-unawa sa mga dulang pansilid-aralan at paghihikayat ng pakikibahagi ng mag-aaral <ul style="list-style-type: none"> Pag-imita ng isang Lokal na Dalubhasa ng Sining (Local Artist) para sa isang workshop upang ibahagi ang sariling karanasan at ituro ang mga dulang Pansilid Aralan 	Pagpapakita ng pag-unawa sa mga dulang pansilid-aralan at paghihikayat ng pakikibahagi ng mag-aaral <ul style="list-style-type: none"> Pagsaliksik tungkol sa iba't ibang uri ng dulang pansilid-aralan na nakatalaga sa kanila; Pagsasanay sa pagtatanghal ng iba't ibang uri ng dulang pansilid-aralan 	2.4.1

			<ol style="list-style-type: none"> 4. Sabayang Bigkas 5. Dramatic Monologue 6. Readers Theater 	<p>(Chamber Theater, Dulang Adaptasyon/Dulang Halaw, Dula-Tula, Sabayang Bigkas, Dramatic Monologue at Readers Theater);</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagtalaga ng mga komite na mangangasiwa ng ibang detalye ng workshop • Pagsasanay sa pagtatanghal ng iba't ibang Dulang pansilid-aralan 	<ul style="list-style-type: none"> • Pagtatanghal ng iba't ibang uri ng dulang pansilid-aralan • Paggamit ng rubrik sa pagbibigay ng grado 	
Linggo 6	a. Naipamamalas ang kaalaman sa mga salik ng sining ng drama at teatro at paggamit nito sa loob at kabuuan ng kurikulum sa iba't ibang disiplina ng pagtuturo	1.1.1 D	<p>Paksa</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Mga Salik ng Sining ng Drama at Teatro 	<p>Pagpapakita ng kaalaman mga Salik ng Sining ng Drama at Teatro Pagbibigay ng Ulat</p> <ul style="list-style-type: none"> • Paghati ng klase sa apat (4) na pangkat; Pagtatalaga ng isa sa mga salik ng sining ng Drama at Teatro sa bawat pangkat; • Pagbibigay ng oryentasyon sa paglalahad ng mga paksa ; • Pagbukas at pangangasiwa ng talakayan sa klase; • Pagtalakay sa aplikasyon ng kaalaman sa mga salik ng sining ng drama at teatro sa ibang disiplina • Pagtataya sa natutunang paksa gamit ang rubrik 	<p>Pagpapakita ng kaalaman sa mga Salik ng Sining ng Drama at Teatro</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagsagot sa isang pagsusulit tungkol sa paksa • Pagpapaliwanag kung paano magagamit ang kaalaman sa iba't ibang disiplina o aspeto ng buhay • Pagtatanghal ng isang palabas na nagpapakita ng aplikasyon sa natutunang Salik ng Sining ng Drama at Teatro; • Pakikibahagi sa talakayan pagkatapos ng pagtatanghal • Pakikinig at pagsasaalang-alang sa mga puna at mungkahi kung paano pagbutihin ang susunod na pagtatanghal • Paggamit ng rubric sa pagbibigay 	1.1.1
Linggo 7	a. Nakagagamit ng estratehiyang pampagtuturo sa pagkatuto na makatutulong sa pagpapaunlad ng mapanuri at malikhaing pag-iisip, at iba pang mataas na antas ng kasanayang pag-iisip.	1.5.1 B	<p>Paksa</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Mga Sangkap o Elemento ng Teatro; 2. Pagsulat ng Dula, 3. Pagiging Director, 4. Pag-arte, 5. Panonood at Pagpuna 	<p>Paggamit ng estratehiyang pampagtuturo</p> <p>Simulated Teaching (Live Action Role Play)</p> <ul style="list-style-type: none"> • Paghati ng klase sa anim (6) pangkat; • Pagbibigay ng paksa at oryentasyon ng Simulated Teaching sa bawat pangkat na nagbibigay-diin sa mga estratehiya sa pagtuturo, kagamitan, pananamit at gawi sa harap ng klase, 	<p>Paggamit ng estratehiyang pampagtuturo</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagsasaliksik tungkol sa paksang natanggap; • Paghahanda ng mga estratehiya, kagamitan, angkop na damit at pagsusulit na gagamitin sa pagtuturo ng paksa • Pagtuturo sa nakatalagang paksa ayon sa mga alituntunin ng Simulated Teaching 	1.5.1

				pagsimula at pagtapos sa tamang oras at pagtataya;	<ul style="list-style-type: none"> Pakikinig at pagsasaalang-alang sa mga puna at mungkahi kung paano pagbutihin ang susunod na pagtuturo Pakikibahagi sa malayang talakayan 	7.4.1
Linggo 8-9	a. Naipamamalas ang pag-unawa sa kapaligirang pagtuturo na nakatutulong sa konteksto ng pagkatuto na naghikayat ng pakikibahagi ng mga mag-aaral	2.4.1 F	Paksa: Mga dulang Pantanghalan <ol style="list-style-type: none"> Dulang Embayoka / Kambayoka, PETA, Theaters Guild, Community Theaters Guild, Dulaang Sibol Broadway 	Pagpapamalas ng pag-unawa sa kapaligirang pagtuturo na nakatutulong sa konteksto ng pagkatuto na naghikayat ng pakikibahagi ng mga mag-aaral Workshop ng Teatro <ul style="list-style-type: none"> Pag-imbata ng isang Lokal na Dalubhasa ng Sining (Local Artist) para sa isang workshop upang ituro ang mga dulang Pantanghalan (Dulang Embayoka / Kambayoka, PETA, Theaters Guild, Community Theaters Guild, Dulaang Sibol at Broadway); Pagtalaga ng mga komite na mangangasiwa ng ibang detalye ng workshop Pagtalakay kung paano napapayabong ang kakayahan ng mag-aaral dahil sa pakikibahagi sa mga pangkatang Gawain Pagsagawa ng team building 	Pagpapakita ng pag-unawa sa mga dulang Pantanghalan (Dulang Embayoka / Kambayoka, PETA, Theaters Guild, Community Theaters Guild, Dulaang Sibol at Broadway at paghikayat ng pakikibahagi ng mag-aaral <ul style="list-style-type: none"> Pakikibahagi sa team building Pagsaliksik tungkol sa nakatalagang anyo ng dulang pantanghalan sa kanya kanyang pangkat; Paghahanda ng palabas gaya ng pagsulat ng iskrip, pagpili ng mga gaganap sa dula, mga kagamitan o praps, musika, damit, make-up, back drop atbp. Pagsasanay sa pagtatanghal Pagtatanghal ng dulang pantanghalan Paggamit ng rubrik sa pagbibigay ng grado 	2.4.1
Linggo 10	PANGGITNANG PAGSUSULIT / MIDTERM EXAMINATION					
Linggo 11	a. Nakagagamit ng unang wika, Filipino, at Ingles na makatutulong sa pagtuturo at pagkatuto	1.6.1 E	Paksa <ol style="list-style-type: none"> Tungo sa Propesyonal na Dulaan, Repertory Philippines at Zenaida Amador; Ang Pagbabalik sa Katutubong Wika" 	Paggamit ng unang wika, Filipino at Ingles Pormal na Panayam at Talakayan <ul style="list-style-type: none"> Pagbibigay ng panayam tungkol sa konsepto ng MTBMLE at ang kahalagahan nito sa pangangasiwa ng pagtuturo at pagkatutuo; Pagbibigay ng panayam tungkol sa mga paksang "Tungo sa Propesyonal 	Paggamit ng unang wika, Filipino at Ingles <ul style="list-style-type: none"> Pagpapaliwanang kung paano nakatutulong ang MTBMLE sa pagsulat ng mga dula Pagtukoy ng mga kontekstong naayon sa paggamit ng mga salita o linya gamit ang unang wika, Filipino at 	1.6.1

				<p>na Dulaan, Reprtory Philippines at Zenaida Amador; Ang Pagbabalik sa Katutubong Wika”;</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagpapakita ng mga konteksto ng angkop na paggamit ng unang wika, Filipino o Ingles na mga salita kung kinakailangan tungo sa isang tuluy-tuloy na daloy ng usapan at sa paghalo nito sa mga sinusulat at itinatanghal na dula • Pagbukas ng malayang talakayan tungkol sa mga isyung nakapalibot sa paggamit ng MTBMLE sa mundo ng dulang Filipino 	<p>Ingles sa pagsulat o pagtatanghal ng iba't ibang uri ng dula;</p> <ul style="list-style-type: none"> • Malayang pagtatalakay gamit ang unang wika, Filipino o Ingles sa pagsasanay ant paghahanda ng pagtatanghal ng dula; • Pagbabahagi ng mga karanasan sa pag-aaral ng dula gamit ang unang wika, Fipilino at Ingles 	
Linggo 12	a. Naipamamalas ang pag-unawa sa kapaligirang pagkatuto na tumutugon sa mga kontekstong panlipunan	6.1.1 A	<p>Paksa</p> <p>1. Dulang Proletaryo</p>	<p>Pagpapakita ng pag-unawa sa kapaligirang pagkatuto na tumutugon sa kontekstong panlipunan</p> <p>Pagbisita at pagmamasid sa komunidad</p> <ul style="list-style-type: none"> • Paghahanda sa isang pagbisita sa komunidad at pagbibigay ng mga tanong na gabay sa pagmamasid: <ol style="list-style-type: none"> 1) Ano ang nakikita mo sa karamihan ng mga manggagawa ngayon? 2) Ano ang kanilang mga karanasan, kahirapan at pinagdadaanan? 3) Bakit may mga aktibista? 4) Ano ang kanilang ipinaglalaman? 5) Ano ang kalimitang problema sa hustisya 6) Paano ito ipinararating ng mga tao sa nakatataas na antas ng pamahalaan?; • Paghahanda ng panayam tungkol sa mga isyung panlipunan at pagpapakilala sa dulang proletaryo bilang daan sa makasining na 	<p>Pagpapakita ng pag-unawa sa kapaligirang pagkatuto na tumutugon sa kontekstong panlipunan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagmamasid nang mabuti upang masagot ang mga tanong at maabot ang malawak na pag-unawa sa mga hinaing at saloobin ng taong bayan at gobyerno; • Pagbabahagi sa mga kklase ng mga nakita at natuklasan • Pagtatanghal ng isang dulang proletaryo gamit ang mga nasagap na usapin sa pagmamasid sa komunidad; • Pagbibigay tuon sa mahahalagang isyu sa lipunan at pagapakita ng wastong pagganap sa kani-ikanilang papel sa dula • Pakikibahagi sa pagproseso sa ginawang pagtatanghal • Pakikinig at pagsasaalang-alang sa mga puna at mungkahi upang mapabuti ang susunod na pagtatanghal 	6.1.1

				<p>pagpapahayag ng hinaing at saloobin ng taong bayan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagsasanay sa pagtatanghal ng dulang proletaryo 		
Linggo 13	a. Naipamamalas ang kaalaman sa mga disenyo, pagpili, pagsasaayos, at paggamit ng diagnostic, formative, at summative na pagtataya sa estratehiya na sumusunod sa pangangailangan ng kurikulum.	5.1.1 C	<p>Paksa</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Mga Tradisyonal na Anyo ng Dula 2. Pambansang Dulaan 3. Mga dulang Klasika sa Wikang Filipino” 	<p>Pagpapakita ng kaalaman sa pagtataya</p> <ul style="list-style-type: none"> • Paghahanda ng isang maikling panayam tungkol sa mga Tradisyonal na Anyo ng Dula, Pambansang Dulaan at Mga Dulang Klasika sa Wikang Filipino”; • Pagpapakilala ng mga paraan, rubric, alituntunin at mga salik sa epektibong pagtataya; • Pagbibigay ng mga halimbawa at pagpapamalas ng aktuwal na pagtataya gamit ang paksang pinag-aralan • Pagsasagawa ng simposyum hinggil sa mga paksa • Pag-imbita ng mga Tagapanayam • Pagsagawa ng malayang talakayan tungkol sa pinag-usapan sa simposyum 	<p>Pagpapakita ng kaalaman sa pagtataya</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagsasagawa ng iba’t ibang uri ng pagtataya sa pagtatanghal ng mga Tradisyonal na Anyo ng Dula, Pambansang Dulaan at Mga Dulang Klasika sa Wikang Filipino; • Pagkilala at pagsasanay sa paggawa at paggamit ng rubrik sa pagbibigay ng grado • Paggamit ng rubrik sa pagbibigay ng grado 	5.1.1
Linggo 14	a. Naipamamalas ang kaalaman sa nilalaman at paggamit nito sa loob at kabuuan ng kurikulum at sa ibang disiplina	1.1.1 D	<p>Paksa</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Mga terminong Dulaan 2. Mga Dulang Pangkaunlaran ng Pamahalaan at 3. Mga Pangkat Pandulaan sa mga Paaralan at Pamantasan 	<p>Pagpapakita ng kaalaman sa mga Terminong dulaan at mga Dulang Pangkaunlaran at Pangkat Pandulaan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Paghahanda sa isang masinsinang panayam tungkol sa mga terminong dulaan at mga Dulang Pangkaunlaran ng Pamahalaan at mga Pangkat Pandulaan sa mga Paaralan at Pamantasan; • Pagbubukas ng Talakayan tungkol sa paksa; 	<p>Pagpapakita ng kaalaman sa mga termiinong dulaan at mga Dulang Pangkaunlaran at Pangkat Pandulaan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagpapaliwanag at paglalarawan sa kahulugan ng mga terminong dulaan • Pagtukoy sa kaibahan at pagkakatulad ng mga dulang Pangkaunlaran ng Pamahalaan at mga Pangkat Pandulaan sa mga Paaralan at Pamantasan • Pagtatanghal ng dulang Pangkaunlaran ng Pamahalaan at 	1.1.1

				<ul style="list-style-type: none"> • Pagbibigay ng mga tanong upang masigurong naiintindihan nila ang paksa 	<p>mga Pangkat Pandulaan sa mga Paaralan at Pamantasan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Paggamit ng rubrik sa pagbibigay ng grado 	
Linggo 15	a. Naipamamalas ang kasanayan sa positibong paggamit ng ICT na makatutulong sa pag-unawa at proseso ng pagtuturo at pagkatuto	1.3.1 D	<p>Paksa</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Likas na Hilig sa Palabas 2. Mga Dula sa Kapeterya, Restawran, Hotel at Pub-House. 	<p>Pagpapakita ng positibong paggamit ng ICT</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagtatalakay sa mga paksang Likas na Hilig sa Palabas, Mga Dula sa Kapeterya, Restawran, Hotel at Pub-House ; • Paggamit ng ICT tools sa pagbibigay ng mga halimbawa nito gaya ng Powerpoint, video clips at iba pang anyo ng multi-media; • Pagsasanay sa paggamit ng iba't ibang anyo at paraan ng paggamit ng ICT sa pagtuturo 	<p>Pagpapakita ng positibong paggamit ng ICT</p> <ul style="list-style-type: none"> • Paglalarawan at pagpapaliwanag sa kahulugan ng Likas na Hilig sa Palabas, Mga Dula sa Kapeterya, Restawran, Hotel at Pub-House gamit ang ICT tools • Pagtukoy sa kaibahan Mga Dula sa Kapeterya, Restawran, Hotel at Pub-House gamit ang ICT tools • Pakikibahagi sa pagproseso sa ginawang mga paglalahad gamit ang ICT • Pagbabahagi ng karanasan sa paggamit ng ICT at kung paano ito napabuti 	1.3.1
Linggo 16	a. Naipamamalas ang pag-unawa sa saklaw ng berbal at di-berbal na estratehiya ng komunikasyon sa klase na sumusuporta sa pag-unawa, pakikilahok at pag-unlad ng mag-aaral	1.7.1 E	<p>Paksa</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Mga Dulang Pamayanan 2. Pagbuhay ng Tinig ng Bayan 	<p>Pagpapakita ng pag-unawa sa berbal at di-berbal na estratehiya ng komunikasyon sa klase</p> <p>Pagbisita at pagmamasid sa Komunidad</p> <ul style="list-style-type: none"> • Paghahanda ng isang simpleng pagdalaw at pagmamasid sa galaw ng tao sa isang komunidad upang maunawaan ng mag-aaral kung ano ang nilalaman at layunin ng mga Dulang Pamayanan at kung paano maisasabuhay ang Tinig ng Bayan; • Pagbukas ng malayang talakayan tungkol sa kahalagahan ng dula upang maunawaan ang saklaw ng berbal at di-berbal na komunikasyon na 	<p>Pagpapakita ng pag-unawa sa berbal at di-berbal na estratehiya ng komunikasyon sa klase</p> <p>Pagtatanghal ng Dulang Pamayanan</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagmamasid sa komunidad batay sa mga tanong at layuning ibinigay ng guro; • Pagtipon ng mga nakalap na datos sa pagmamasid sa komunidad; Pag-uulat tungkol sa mga kaalamang natuklasan; • Pakikibahagi ng mga ideya tungkol sa saklaw ng berbal at di-berbal na estratehiya ng komunikasyon sa klase gamit ang pakikilahok sa mga dula 	1.7.1

